

MGA NARATIBONG PANTURISMO SA LALAWIGAN NG SURIGAO: LUNDAYAN SA PAG-IMBULOG NG WIKANG FILIPINO SA IBA'T IBANG PANAHOON NG KASAYSAYAN NG PILIPINAS

Gemma R. Escultor

Faculty, College of Education
Surigao Del Norte State Univesity, Philippines
gescultor@ssct.edu.ph

Abstract: *Isiniwalat ng pag-aaral kung paano pinatunayan ng sampung (10) naratibong panturismo ng lalawigan ng Surigao ang pagka-dinamiko ng wikang pambansang Filipino sa bawat panahon ng kasaysayan ng Pilipinas. Bawat naratibo ay nakalikom ng mga piling salita na pawang halaw o likha mula sa mga nagdaang panahon. Ang mga ito ay matining na patotoo kung paano umunlad ang Turismo sa lalawigan ng Surigao na matatagpuan sa isla ng Mindanao, Pilipinas.*

Sa likod ng bawat salaysay at/o naratibo ng pook panturismo sa lalawigan ng Surigao ay sumaksi ang mga salitang palasak sa bawat pagsulong ng panahon ng Pilipinas.

Kwalitatibong disenyo ang pananaliksik na sumuri ng mga datos sa pamamagitan ng content analisis. Natuklasan sa pag-aaral na ang mga magagandang panturismong destinasyon sa Sohoton lalawigan ng Surigao gaya ng sumusunod: 1) Cloud 9 2) Cave 3) Magpupungko 4) Maasin River 5) Mainit Lake 6) Enchanted River 7) Tinuy-an Falls 8) Laswitan Lagoon 9) Britannia Group of slands 10) Mabua Peeble Beach ay pawang nakapag-ambag ng mga bagong salita na sa kasalukuyan ay bahagi na ng wikang pambansang Filipino. Nagmula mismo sa bibig ng manlalakbay, ang mga piling salita ay nagpasalin-salin na sa bawat daloy ng panahon hanggang sa kasalukuyan. Ang proseso ng pag-imbulo na ito ay mula sa panahon ng bago pa dumating ang Kastila hanggang sa panahon ng kasalukuyan..

Keywords: *Panturismong destinasyon, kasaysayan, at kultura*

I. INTRODUCTION

Maradjaw, Karadjaw. Ito ang mga katagang palaging maririnig sa mga bibig ng mga Surigaonon bilang taos pusong pasasalamat sa mga bisita o turista. Kilala ang Surigao bilang Island Adventures at itinuturing na kanlungan ng paglilibang at pakikipagsapalaran. Sa likod ng mga magagandang tanawin ay ang mayaman at kamangha manghang kasaysayan na siyang humubog para mapaunlad at mas makilala ang Lalawigan ng Surigao.

Noong 1538, ang silangang baybayin ng Mindanao na kinabibilangan ng kasalukuyang lalawigan ng Surigao del Norte ay binisita ng Portuguese explorer na si Francisco de Castro, na natagpuan ang lugar na tinitirhan ng tribo ng Caraga na pinaniniwalaang nagmula sa Bisaya. Ang sinaunang distrito ng Caraga, na itinatag noong 1609, ay binubuo ng lahat ng Surigao del Norte, Surigao del Sur, Hilagang bahagi ng Davao Oriental at Silangang Misamis Oriental. Sa pagtatapos ng pamumuno ng mga Espanyol noong 1898, ang dalawang lalawigan ng Agusan ay inorganisa bilang iisang politico-military comandancia na pinangalanang Butuan, sa loob ng administratibong hurisdiksyon ng Surigao.

Noong 1901, naging sub-province ng Surigao ang comandancia na ito, at noong 1907, naging hiwalay na probinsya ang Augean. Noong Hunyo 19, 1960, sa pamamagitan ng Republic Act 2766, nahati ang lalawigan ng Surigao upang bumuo ng Surigao del Sur at Surigao del Norte.

Surigao Del Norte. Isang mayamang potensyal sa turismo, ang Surigao del Norte ay biniyayaan ng malawak na grupo ng mga isla na napapalibutan ng pinakamagandang coral reef at sea wall sa bansa sa gilid ng Asian continental shelf. Ang lalawigan ay may maraming magandang lugar na nangangailangan lamang ng pamumuhunan para sa pag-unlad nito sa world-class na mga atraksyong panturista. Dinadagsa ng mga tao ang bayan ng Surigao del Norte. Ang mga gustong pumunta dito at tamasahin ang kagandahan ng karagatan ay malayang nakakapunta na nagmumula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, gayundin sa ibang bahagi ng mundo, karamihan sa kanila ay nananabik na sa mga biswal na kultura ng mga katutubo at malaman ang kasaysayan mayroon ang lugar. Kabilang sa mga magandang turismo na may nakatagong kasaysayan na mapupuntahan sa Surigao del Norte ay (1) Lake Mainit; (2) Mabua Pebble Beach; at sa Siargao Islands (1) Cloud-9; (2) Maasin Lake; (3) Magpupungko; (4) at Sohoton Cove.

Surigao Del Sur. Ang Surigao del Sur ay isa sa mga probinsya sa Pilipinas na sikat sa mahiwaga ngunit kamangha-manghang mga tourist spot.

Ayon sa isang artikulo ng BaronKnowledgeWater (2019), Ang lalawigan ng Surigao del Sur, sa CARAGA Region ng Mindanao, ay nawalasa mapa ng turismo sa loob ng ilang oras ngunit ang mga likas na atraksyon nito ay naghahatid ng daan para sa pagbisita at pagtangkil ng lalawigan. Isa na rin dito ang pagkaroon nito ng kasaysayan na siyang naghahatid na kawilihan upang tangkilikin ng mga turista. Kabilang sa mga lugar na ito ng Surigao Del Sur ay (1) Britanya; (2) Enchanted River; (3) Tinuy-an Falls; (4) Laswitan.

Layunin ng pag-aaral na ito na mas mabibigyang-pansin ang kagandahan ng lalawigan ng Surigao at mas lalong mapapaunlad ang bawat kulturang kinapapalooban nito.

Ipinakikita ng panitikan at kasaysayan ang pagkakaroon ng magandang ugnayan. Bagaman maikli, bahagi na rin ng panitikan ang naratibo lalo na kung nahihinggil sa magandang pook turismo tulad ng Surigao sapagkat dito ay masasamin rin ang kasaysayan. Sa pagsasanib puwersa ng panitikan at kasaysayan, nabababala ang interes ng sinomang mambabasa.

Ang panitikan ay kabang-yaman ng kultura at kasaysayan. Sa tulong ng mga sangkap nito tulad ng tauhan, himig (**mood**), pook at banghay, napagtagni-tagni ng awtor ang mga pangyayari upang iparating ang daloy ng kamalayan ng mambabasa sa pana-panahon ng kasaysayan na ipinahihiwatig sa naratibo (Saucu, Papa, Geronimo, 2001).

Bagaman maiikling salaysay ang mga naratibo na napagpapalit-palit sa tawag na salaysayin at mga kuwentong bibit, mayroon ditong mga salita, pangyayari at pagpapahalaga na nagsisilbing hudyat na susi upang maalala ang kasaysayan ng nakaraang panahon. Sa pamamagitan ng panitikan, napag-uugnay-ugnay ang pagbabagong-wika, ang paglihis, pagbabawas o pagdaragdag ng kahulugan nito. Malinaw na nalalantad ang katangian ng panitikan bilang tagapag-ingat ng kultura at kasaysayan. Wagas at matapat ang panitikan sa tungkuling ito na bihira lamang na tao ang nakauunawa. Ang kaisipang ito ang nais ipahiwatig ng lente ng naratolohiya na ginamit sa kasalukuyang pag-aaral. Sinuri sa pamamagitan nito ang mga salita sa labing-isang (11) naratibo ng sampung (10) pook-panturismo sa lalawigan ng Surigao pagkatapos ay siniyasat ang matandang kasaysayan. Inalam kung kailan, sino at saan maaaring ihambing ang gayong mga pahayag, tunog at kahulugang kultural o kultural na persepsyon sa gamit ng wika, mga imahe, pangyayari at simbolong panlipunan. Napakahalaga ang malalim na pagsusuri ng isang naratibo dahil ito ang nagbibigay patotoo sa panahon at mga pangyayari na naganap sa kasaysayan na tinutukoy sa naratibo. Matibay na saksi o pruwera ito sa tunay na kahulugan ng salaysay ayon kay Tzvetan Todorov (1969) na nagsasabing magagamit na saksi ang naratibo o anumang nasulat na sanaysay bilang patotoong kasulatan.

Sa tulong ng pag-aanalisa sa wika at mga pahayag na ginamit, maipakikita sa mambabasa kung kailan sa panahon ng kasaysayan at pook naganap ang kuwento. Ang pag-unawa sa mga salik na ito ay nakatutulong sa pagbuo ng balidong konklusyon sa saliksik. Sa kasalukuyang pag-aaral, ang paglangkap sa pag-aaral kung anong panahon maaaring naganap ang mga pangyayari sa naratibo sa mga pook-panturismo ay magpapalakas lalo na sa sigla ng

turismo na tumatanggap ng mga turista mula sa iba't ibang panig ng daigdig. Lalong mapahahanga sa mga pook-panturismo sa lalawigan ng Surigao ang makaririnig ng mga naratibo sapagkat sabay nilang namamalas ang kasalukuyan at ang busilak na kagandahan ng nakaraang panahon (Hawas. 2018).

Upang maging magaan sa mata ang pagtalakay, inisa-isang sinipi ng mananaliksik ang mga salita at parirala na nagsisilbing hudyat ng kasaysayan sa naratibo. Gamit ang emik na lapit, pinatunayan niya ito sa tulong ng mga dagdag na pahayag ng mga impormateng na iginagalang sa mga lugar na katatagpuan ng mga pook-panturismo. Emik na pananaw ang tawag sa mga datos mula sa pagpapakahulugan ng isang kasapi o taal na miyembro ng tribo. Sa kaso ng pag-aaral na ito, tinutukoy ng mananaliksik ang pagiging isang Surigaonon na ipinanganak sa magulang na mga Surigaonon sa lalawigan ng Surigao at doon na nanirahan hanggang sa kasalukuyan.

Teorya ng naratolohiya (**narratology**) ang ginamit sa pagsusuri sa ugnayan ng mga salita at pariralang napapaloob sa naratibo ng mga pook-panturismo sa lalawigan ng Surigao. Sa teoryang ito ayon kay Prop. Masood Raja ng India (200), sinusuri ang naratibo bilang isang uri ng panitikang pasulat na nagsasalaysay ng mga pangyayari sa isang panahon. Hinihimay-himay ang mga salita at parirala dito upang ihambing sa iba pang wika na sa taglay nitong baybay, bigkas at kahulugan ng mga ito batay na rin sa kasaysayan ng iba pang wika. Malaking tulong ang naratolohiya upang matunton ang mga wikang may parehong baybay, tunog at kahulugan sa iba pang wika sa Timog Asya.

Ibat't ibang Panahon ng Kasaysayan sa Pilipinas

Ang kultura ay isang napakalaking bahagi ng wika. Ito ay ang mga kaugalian, sining, panlipunang institusyon, at tagumpay ng isang partikular na bansa, mga tao, o iba pang panlipunang grupo. Ang pagsasalin ng wika sa mga salinlahi ay nagbabago sa pagbigkas at kahulugan, may mga salitang nananaig at may nawawala. Ang bilis at bagal ng pagbabago ay nag-iiba, ngunit ano pa man, bumubuo sila ng bagong sariling wika. Sa paglipas ng mga taon, ang orihinal at bagong wika ay hindi magiging malapit sa isa't isa (Yoon-Kyoung et. al, 2003).

Ang Pilipinas ay dumanas sa iba't ibang panahon ng kasaysayan. Tinatalang mayroong 67,000 taon na ang historia ng bansa (Henderson, Barney, 2010). Ang **pre-history** ng Pilipinas ay nagsimula noong panahon pa ng tinatawag na **Tabon Man** noong **neolithic period** at nagtapos noong 900 BC. Ang pagkakadiskubre ng **Laguna Copperplate** o Banatbat na Tanso ng Laguna ang nagsilbing batayan ng pagtatapos ng prehistoryang ito. Ito rin ang hudyat ng pagsisimula ng mayamang kultura ng Pilipinas na naglalaman ng pinaghalong sinaunang wika ng Javanese, Sanskrit at Tagalog (Chua, May 28, 2013).

Noong 900 BC hanggang 1565 ang pahanon bago dumating ang mga mananakop sa Pilipinas o ang **Pre-colonial era** (Scott, 1984). Sa panahong ito, ang Pilipinas ay nasa ilalim ng **Indosphere** at **Sinosphere**. Ang **Indosphere** ay pahanon kung saan malaki and impluwensiya ng India o Hindu sa timog silangang Asya sa kanilang wika at kultural na aspeto (Matisoff, 2003). Ang **Sinosphere** naman ay kultura na nagpapakita ng malaking impluwensiya ng Tsina. Sa loob ng panahong ito, nangangalakal din ang bansa sa ibang mga bansa gaya ng Taiwan, Japan, Thailand, Vietnam, and Indonesia kasama na rin ang Arabia na nagdala ng relihiyong Islam.

Ang panahon ng pananakop ng mga Kastila ay nagsimula noong 1565 nang dumating ang unang Europeo sa bansa noong 1521 na si Ferdinand Magelan (Bergreen & Laurence, 2003). Sa loob ng panahong ito, ang mga sinaunang tuntunin ng bansa ay napalitan ng kaugaliang Kastila gaya ng pagdaraos ng piyesta at pagpapalit ng mga pangalan ng bagay at lugar. Ang mga katutubong salita ay pinalitan ng wikang Kastila. Naranasan din ng mga Pilipino ang pagmamalupit at pagsira ng dating naniniwala. Tumagal nang mahigit tatlong daan ang pananakop ng mga Kastila at ito ay nagtapos noong 1898.

Sa pagtatapos ng pananakop ng mga Kastila, ang mga Amerikano naman ang sumakop sa bansa. Ito ay nagsimula noong 1898 hanggang 1946. Ang digmaan sa pagitan ng Espanya at Amerika ang naghudyat ng simula ng pagsailalim ng Pilipinas sa Amerika (Titherington, 1900). Sa panahon ng kasaysayang ito, pinaigting pa ng Amerika ang pagtuklas ng iba't ibang likas na yaman ng bansa at ang pagpapalit o pagbibigay ng pangalan ng mga bagay at lugar ay nahaluan ng wikang Engles.

Ang panahon ng Hapon ay nagsinula noong 1941 hanggang 1945 nang lusubin nila ang mga Amerikano na nasa Pilipinas. Ang bansang Hapon ay sinasabing dati ng may ugnayan ng kalakalan sa bansang Pilipinas at ang impluwensiya nito ay nagsimula po noong bago pa dumating ang mga mananakop na galing Europa.

Ang panahon ng kasalukuyan ay nagsimula noong mabigyan ng kalayaan ang Pilipinas matapos ang mga banyagang mananakop (Abinales, Patricio, Amoroso, 2005). Iba't ibang kaugalian ng mga mananakop ang nabuo at naihabi na rin sa kultura ng Pilipinas. Ang pagbugso ng industriyalisasyon ay dumating din sa ating bansa. Ang makabagong panahon na ito ay nagdala din ng masasamng epekto sa kalikasan tulad ng pagtaas ng paggamit ng kasangkapang yari isa **plastic**. Naunang inilabas ang **plastic bag** sa Amerika noong 1979 (Evans, 2019). Simula nito, kumalat din sa bansa ang plastic at nadungisan ng turismo ang kalikasan dahil sa nga bisitang hindi marunong mag-alaga sa magagandang lugas sa Pilipinas. Ito rin ang panahon na maraming mga babala na nakapaskil sa mga pribado at pampublikong lugar ng pagbabawal ng pagkakalat. Ang wika o parirala ay nahaluan ng pagpapaalala ng pangangalaga sa likas yaman ng bansa.


Ipinakita sa sumusunod na suri ng naratibo ang pagkakaroon ng iba-ibang uri ng mga salitang banyaga tulad ng **enchanted river, sacred river, vandalism, island, sea urchin, surfing competitions, Siargao surfing cup, jacking horse, cloud 9, rock pool, rock formation, cove, snorking, falls, mardigras** at iba pa na sadyang orihinal na wikang Ingles. Bagaman, mula ag mga ito sa bibig ng mga impormanteng *Surigaonon* masasabing ang natural na pagbanggit ng mga salitang ito ay impluwensiya ng mga Amerikano na palasak nang gamit sa kasalukuyang panahon ng pakikihalobilo ng mga natibong *Surigaonon* sa mga turistang dumarating sa lalawigan at pati na rin sa kapwa kababayang Pilipino. May ilang mga salitang pamana ng mga Kastila tulad ng **grande, sistema, sikreto, trahedya, palasyo, reyna** at iba pa na pamana ng panahon ng Kastila sa ating wika na nananatiling buhay hanggang sa kasalukuyan.

Metodolohiya

Disenyong kwalitatibo ang ginamit sa pananaliksik na nilangkapan ng pamaraang indihenus (indigenous) sa pangangalap ng mga datos kung saan nagsagawa ng pagdalaw-dalaw sa lugar at pagmamasisid.

Maging ang historikal na lapit ay ginamit sa pag-aaral upang masiyasat ang mga naranasan na mga nakaraan, ang kanilang katangian pati na rin ang kanilang mga kultural na paniniwala. Malawak napananaliksik ang ginawa upang makuha ang angkop na impormasyon. Ginamit ang pamamaraang deskriptibo upang ilarawan ang mga naratibo/salaysay ng pool panturismo.

Batayang Konseptwal



Figur 1. Iskema ng mga Kasaysayan ng Pook panturismo sa Lalawigan ng Surigao.

Makikita sa iskema ng paradaym ng pananaliksik ang kabuuang larawan ng pag-aaral. Ang halaman na may mga bulalak sa paligid na ang simbolo ng mga tanawin. Ginamit ng mananaliksik ang halaman na may mga bulalak dahil ito ay sumisimbolo ng mga panturismong lugar na siyang nagbibigay atraksiyon.

Sa paso nakasulat ang mga kasaysayan ng pook Panturismo sa Lalawigan ng Surigao na pinagmulan ng pag-aaral. Dito nagsimulang tumubo ang lahat.

Mula sa mga sanga nito pataas ay may nakasulat ng iba't ibang pangalan ng probinsiya. Ito ay pinagbabatayan sa teorya ng pananaliksik.

Sa mga bulalak naman ng halaman ay may nakasulta ng iba't ibang mga panturismong lugar kung saan ito matagtagpuan. Itinuturing itong atraksiyon sa mga turista na gustong magbakasyon at maglakbay ng ibang lugar.

Sa kabuuang kahulugan nirepresenta ng paradaym ng pag-aaral ang mga Kasaysayan ng pook panturismo na siyang nagpapaunlad sa lalawigan ng Surigao.

Mga Naratibong Sinurigaonon sa mga Pook-Panturismo sa Lalawigan ng Surigao

1. Enchanted River (Hinatuan, Surigao del Sur)

Maradjaw Karadjaw na Suba!

Nahimutang sa isla sa Mindanao, natago sa kalasangan sa Pilipinas ang usa ka halangdon nga suba nga mitubo gikan sa yuta aron lamang ipadala ang tin-aw nga asul nga tubig niini ngadto sa dagat. Kining mubo nga bahin sa suba nga nahimutang sa sidlakang baybayon sa kinahabagatang isla sa Pilipinas nailhan nga Enchanted River o Hinatuan Sacred River. Naglikoliko ang 648 metros taliwala sa Dagat Pilipinas ug Dagat Pasipiko sa Barangay Talisay, Hinatuan, Surigao del Sur, tin-aw kaayo kining suba, busa ang mga asul nga sapiro niini sama sa solidong mga mutya nga nagsiga sa adlaw.

Naputos sa kahalangdon ug misteryo, kini nga dapit nailhan kaniadto nga Libwak sa wala pa ang diplomat nga si Modesto Farolan, kinsa nagtawag niini nga Enchanted River sa iyang sikat nga balak, "Rio Encantado". Kining misteryosong dapit nga gimarkahan sa nagdan-ag ug tin-aw nga

asul nga katubigan niini, nga gilibotan sa bagang kalasangan, paras, ug mga orchid, nahimong usa sa mga dagkong destinasyon sa turista sa probinsiya. Gawas sa kaanyag niini, aduna usab mga istorya sa mga sirena, mga engkanto ug mga espiritu sa Hinatuan Enchanted River. Puno kaayo sa leyenda, kini nga suba usa ka natural nga panghitabo nga wala'y lain.

Ubos niining kristal nga tubig, adunay sistema sa langob sa ilalom sa yuta nga unang temporaryong gisuhid niadtong 1999, sa usa ka langob nga mananalom nga ginganlag Alex Santos. Napulo ug usa ka tuig ang milabay, kini nga sistema sa langob sa ilalom sa yuta dugang nga gisusi ni Dr. Alfonso Amores, uban ni Bernil Gastardo ug Emgee Guillermo, kinsa nakadiskobre ug daghang mga lawak ilalom sa tubig (sa giladmon nga 30 ug 40' metros), mga langob, mga liki, ug uban pang mga tunnel nga nag-una ngadto sa wala matino nga teritoryo.

Ang pag-imbestigar sa mga misteryo sa Enchanted River nga langob, ang mga ekspedisyon nagpadayon gihapon hangtod karon, nga nagmaneho sa gibana-bana nga 200 ka mga tiil ngadto sa kangitngit ug kining daghan nga wala'y mapa nga sistema sa tunel sa ilawom sa tubig nga dugang nga nagdugang sa misteryo sa makaiikag niini nga dapit. Ang Hinatuan Enchanted River kay usa ka saltwater channel apan walay nakasiguro kon diin gikan ang parat nga tubig. Bisan pa, ang nag-una nga teorya nag-ingon nga kini nga saline o saline nga tubig naggikan sa usa ka sistema sa langob sa ilawom sa yuta nga wala pa hingpit nga mapa.

Ang laing puzzle bahin niining mahika nga dapit mao ang Isda dinhi. Adunay lain-laing mga matang sa isda sa lain-laing mga kolor ug popular nga mga atraksyon. Sa makausa pa, walay nakahibalo kon diin sila gikan o asa sila paingon apan siguradong dili nimo makalimtan ang adlaw-adlaw nga oras sa pagpakaon nga mahitabo. Kada hapon, ang caretaker mobagting og kampana, nga usa ka senyales sa tanan nga makagawas sa tubig. Kung wala na ang tanan, usa ka tuno nga gitawag og "Hymn of Hinatuan" ang gipatokar sa mga loudspeaker, diin ang usa ka dako nga grupo sa mga isda nga adunay pilak nga mga himbis matuman sa wala sa panahon, nga nagdagayday pabalik-balik sa azure nga tubig. Nagtapok sila sa bokana sa suba ug dayon, gipakaon sila sa mga kawani ug bugas, mga piraso sa tinadtad nga karne, hipon, kugita, ug uban pang mga tipik sa pagkaon. Kining mapugsanon, halos surreal nga pasundayag nagpadayon sulod sa halos usa ka oras diin walay bisan kinsa nga gitugotan sa pagsulod sa tubig. Human sa panahon sa pagpakaon, kini nga mga isda nagpadayon sa pagkahanaw nga daw wala na didto, sa makausa pa mibalik sa suba ngadto sa usa ka hilum ug tin-aw nga pool.

Nagtuo ang mga lokal sa nasangpit nga lugar nga sa dihang mongitngit na, magtapok ang mga engkanto, sirena, ug duwende sa nasangpit nga suba aron mokanta ug mosayaw sa tin-aw nga tubig sa Enchanted River. Sa matag higayon nga ang mga engkanto makahikap sa tubig, kini mahimong mas tin-aw ug tin-aw. Laing pagtuo mao nga ang mga isda nga nagpuyo sa suba, lisod sila dakpon bisan sa bangkaw. Gituohan usab nga adunay gamhanang mga mananap nga ang bugtong limitasyon mao ang pagpanalipod sa enchanted river. Daghang mga turista ug residente duol sa enchanted river ang nagtuo nga aksidente ang maong panghitabo, apan daghan usab ang nagtuo nga tungod kini sa engkanto nga nagpuyo ug nagbantay niini.

Matod pa sa leyenda, mao kini ang pimuy-anan sa mga diwata, tungod kay naghatag silag blue ug green nga kolor sa tubig, sila ang nagbantay sa suba. Ang tigulang nga nagpuyo duol sa suba nagtuo nga ang espiritu nga nagpuyo sa enchanted river adunay duha ka babaye nga taas og buhok ug berde ang panit nga makita nga naglakaw sa suba ug nahanaw sa hangin. Nagtuo usab ang mga tawo didto nga adunay misteryosong isda kay bisan unsa pa ang ilang buhaton dili sila madakpan.

Atong mapasalamatan ang nindot nga mga tinubdan sa tubig nga atong gihatag sa atong magbubuhat sama sa Enchanted River. Hinaot nga ang kalimpyo, maayong pag-atiman sa mga isda

ug ang kabililhon sa suba mapabilin alang sa umaabot nga mga henerasyon aron kini magpabilin nga natural nga kahinguhaan sa tibuok dapit. Bisan pa man og daghan ang mobisita sa suba, mas maayo nga magpabilin kitang limpyo ug disiplinahon ug hatagan og giya ang mga turista nga mobisita ug pahimangnoan sila sa pagsunod sa mga pahimangno aron molungtad ang kanindot sa Enchanted River na nasa Hinatuan Surigao del Sur.

Ang maikling kahabaan ng ilog na ito na matatagpuan sa silangang baybayin ng pinakatimog na isla ng Pilipinas ay kilala bilang **Enchanted River** o **Hinatuan Sacred River**. Paliko-likong 648 metro sa pagitan ng **Philippine Sea** at ng Karagatang Pasipiko sa Barangay Talisay, Hinatuan, Surigao del Sur ang ilog na ito. Ito ay napakalinaw kaya ang mga kulay asul na sapiro nito ay parang mga solidong batong hiyas na kumikinang sa araw.

Nakabalot ng karilagan at misteryo ang lugar na ito na dating kilala bilang 'Libwak' bago ito tawagin ng diplomat na si Modesto Farolan na 'Enchanted River' sa kanyang sikat na tula, "Rio Encantado". Ang **mystical site** na ito na minarkahan ng kumikinang at malinaw na asul na tubig na napalalibutan ng makapal na gubat, baging, at orchid, ay naging isa sa mga pangunahing destinasyon ng mga turista ng lalawigan. Maliban sa kagandahan nito, may mga kuwento din ng mga sirena, mga mahiwagang diwata at mga espiritu sa Hinatuan Enchanted River. Kaya naman puno ng alamat ang ilog na ito.

May isang **subterranean cave system** sa ilalim ng mala-kristal na tubig na ito. Una itong natuklasan noong 1999 ng isang **cave diver** na nagngangalang Alex Santos. Pagkalipas ng 11 taon, ang sistema ng kuweba sa ilalim nito ay higit pang ginalugad ni Dr Alfonso Amores kasama sina Bernil Gastardo at Emgee Guillermo. Natuklasan pa nila ang maraming silid sa ilalim ng tubig (sa lalim na 30 at 40' metro), mga kweba, bitak, at higit pang mga tunnel na humahantong papunta sa hindi natukoy na teritoryo.

Ang Hinatuan Enchanted River ay isang daanan ng tubig-alat ngunit walang nakatitiyak kung saan mismo nagmumula ang tubig-alat. Gayunpaman, ang umiiral na teorya ay nagsasaad na ang maalat o maalat na tubig na ito ay nagmula sa **underground cave system** na hindi pa ganap na naimapa (Oribe, 2012).

Ang isa pang palaisipan tungkol sa mahiwagang lugar na ito ay ang mga isda dito. Mayroong iba't ibang uri ng isda sa iba't ibang kulay. Muli, walang nakakaalam kung saan sila nanggaling o kung saan sila pupunta. Tuwing hapon, ang tagapag-alaga ay tumutunog ng kampana, na isang hudyat para sa lahat na lumabas sa tubig. Kapag nasa labas na ang lahat, ang isang musika na kilala, tinatawag na "**Hymn of Hinatuan**" ay pumapailan lang sa tulong ng loud speaker. Nagtitipon-tipon ang mga isda sa ilog dahil sa musikang ito.

Pinaniniwaalaan ng mga lokal sa nasabing lugar na pagsapit ng dilim ay nagtitipon-tipon ang mga diwata, sirena, at duwende sa nasabing ilog para magkantahan at magsayawan sa sobrang linaw ng tubig ng Enchanted River. Sa tuwing mahahawakan daw kasi ng mga diwata ang tubig ay lumililaw ito nang lumililaw. Isa pang paniniwala na mahirap daw hulihin ang mga isda na naninirahan doon sa ilog kahit gumamit pa ng sibat. Pinaniniwalaan din na may mga halimaw na makapangyarihan na ang tanging takda nila ay protektahan ang **enchanted river**. Pinaniniwalaan ng maraming turista at mga naninirahan malapit sa enchanted river na aksidente ang pangyayaring nagaganap, pero marami ring naniniwala na dahil ito sa engkanto na naninirahan at nagbabantay dito (Hines.2005).

Ayon sa alamat, ito raw ang tahanan ng mga diwata na siyang nagbibigay ng asul at berdeng kulay sa tubig at ang nagbabantay sa ilog. Pinaniniwalaan ng matanda na may dalawang kababaihang espiritu na nakatira malapit sa ilog sa **enchanted river** na may mahahabang buhok at berdeng balat na nakitang naglalakad sa ilog at nawawala sa hangin. Naniniwala rin ang mga tao doon na may misteryosong isda dahil kahit anong gagawin nila ay hindi mahuhuli.

Maaari nating pahalagahan ang mga magagandang yamang tubig na mayroon tayo na binigay ng ating maykapal kagaya ng Enchanted River. Ipagpapatuloy sana ang kalinisan, mabuting pangangalaga sa mga isda at bigyang-halaga ang ilog para sa susunod na mga henerasyon. Marami man ang mga taong dadayo sa ilog, mas nakabubuti na panatilihin nating malinis at maging disiplinado sa ating sarili at bigyan ng gabay ang mga turistang dumadayo na sumunod sa mga sasabihin na babala para magtagal ang kagandahan ng Enchanted River.

Ang mga Surigaonon ay sumasambit ng “*maradjaw karadjaw lalom*” kapag nakarating na sa pook ng Cambatong. Kahit hindi ibandila, naroon na ang mahiwagang tubig na pinaninirahan ng mga makukulat at maraming isda mula sa matandang panahon na hindi kayang arukin ng isip ng tao. Dahil sa sobrang lalim ng tubig dito, ang mga Surigaonon ay nagkakaisa na malaking bunganga ng bukal iyon na iniingatan ng mga diwata. Marami ang nagsasabi na bukal at hindi ilog ang nagbibigay tining sa tingkad ng asul na kulay niyon na nakahahalina sa mga naroon na lumangoy. Ngunit alam din ng mga nitibo na may nangunguha ng tao sa kailaliman at walang nakakaalam kung kailan mangunguha ang diwata. Walang karugtong na ilog o dagat ang bukal subalit tinanggap na rin ng nakararami tao sa kasalukuyang panahon na iyon nga ay ilog.

Ang lugar ng **Enchanted River** ay nasasakop sa pamanang pook ng mga Manobo. Sila ang may berdeng kulay ng mga balat dahil sa dami ng mga malalaki at matitibay na punongkahoy na kasamang iniingatang pag-aari ng kalikasan.

Talahanayan 1.

Mga Salita/Parilalang Kultural na Naghuhudyat ng Kasaysayan sa Naratibo ng Enchanted River

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
Asul	Asul	Kastila
Sirena	Sirena	
Sidlakang baybayon	Makinang na baybayin	
Hinatuan	Hinatuan	Bago dumating ang mananakop
Solidong mutya nga nagsiga sa adlaw	solidong batong hiyas na kumikinang sa araw	
Naputos sa kahalangdon ug misteryo	Napakababalot ng karilagan at misteryo	
Libwak	Bulwak	
Nalajo sa hinigugma	Napalayo sa minamahal	
magtapok ang mga engkanto, sirena, ug duwende sa nasangpit nga suba	nagtitipun-tipon ang mga diwata, sirena, at duwende sa nasabing ilog	
kini mahimong mas tin-aw ug tin-aw	lumilinaw ito nang lumilinaw	
matag higayon nga ang mga engkanto makahikap sa tubig	tuwing mahahawakan daw kasi ng mga diwata ang tubig	
mga isda nga nagpuyo sa suba	mga isda na naninirahan doon sa ilog	
lisod sila dakpon bisan sa bangkaw	mahirap silang hulihin kahit gumamit pa ng sibat	
adunay gamhanang mga mananap nga ang bugtong limitasyon	mga nilalang na makapangyarihan na ang tanging takda	
pinuy-anan sa mga diwata	tahanan ng mga Diwata	
nagbantay sa suba	nagbantay sa ilog	
taas og buhok ug berde ang panit	mahahabang buhok at berdeng balat	
nahimutang sa sidlakang	matatagpuan sa silangang	

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
baybayon	baybayin	
kinahabagatang isla	pinakatimog na isla	
Naglikoliko	Paliko-liko	
tin-aw kaayo kining suba,	Napakalinaw ng ilog na ito	
busa ang mga asul nga sapiro	kaya't ang mga kulay asul na sapiro	
solidong mga mutya nga nagsiga sa adlaw	solidong batong hiyas na kumikinang sa araw	
Naputos sa kahalangdon ug misteryo	Napakababalot ng karilagan at misteryo	
Libwak	Libwak	
gimarkahan sa nagdan-ag ug tin-aw nga asul nga katubigan	minarkahan ng kumikinang at malinaw na asul na tubig	
bagang kalasangan	Makapal na gubat	
Adunay sistema sa langob	Mayroong sistema ng kuweba	
daghan nga wala'y mapa	Maraming walang mapa	
agianan sa tubig-alat	daanan ng tubig-alat	
Asa gajud gikan ang tubig nga parat.	saan mismo nagmumula ang tubig-alat	
nindot nga mga tinubdan sa tubig	Marilag na pinagmumulan ng tubig	
kabililhon sa suba	Pagpapahalaga sa ilog	Amerikano
pagsunod sa mga pahimangno	Pagsunod sa mga alituntunin	
molungtad ang kanindot	Tumagal ang kagandahan	
Enchanted River	Mahiwagang Ilog	
Sacred River	Sagradong Ilog	

Makikita sa Talahanayan 1 na ang mga salita at parirala ay humuhudyat ng iba't ibang panahon sa kasaysayan. Ito ang panahon ng Kastila, Amerikano at bago dumating ang mga mananakop sa bansa.

Ang relihiyon ay kadalasang mahalagang bahagi ng paglalarawan sa pagkakakilanlan ng mga naninirahan sa Pilipinas. Bago dumating ang mga dayuhang relihiyon mula sa Kanluran tulad ng Kristiyanismo at Islam, ang pangunahing sistema ng relihiyon sa Pilipinas ay isang uri ng **animismo** (Storm, 2013) **Ancient Origins. Reconstructing The Story of Humanity's Past**. Kalaunan, ang unang mga dayuhang relihiyon na gumawa ng marka sa kapuluan ay maaaring Buddhism at Hinduismo. Noong mga 900 AD, ang ilan sa mga pulo ay iba't ibang estado ng Imperyo ng Srivijaya. Makikita sa talahanayan ang iba't ibang salita o **expression** ng pananalita ng mga Pilipino bago pa dumating ang mga mananakop sa bansa. Makikita natin na ang mga salita ay patungkol sa mga diwata, duwende at pagpapahiwatig ng importansya ng kalikasan. Ang mga pagpapahayag ng anyo ng isang bahagi ng kalikasan gaya ng liko-likong ilog, malawak na yungib at iba pa ay nagmula pa noong bago dumating ang mga banyagang mananakop. Kapansin-pansin ang animismong paniniwala ng mga Pilipino sa kanilang mga salita(Pew Research Center's Religion & Public Life Project, 2010).

Ang salitang asul ay salitang Kastila na inilalarawan ang kulay ng ilog. Ang Pilipinas ay may katumbas na ekspresyon upang ilarawan ang kulay ng tubig sa ilog ngunit nanaig ang lenggwahe na pinamana ng mga mananakop. Maaring gamitin ang salitang bughaw. Ngunit ito ay ginagamit na lamang sa mga paaralan. Ang salitang "sirena" ay

hiram sa wikang Kastila. Masasabing ang konsepto ng imahe ng sirena ay galing sa animismo ngunit napiling gamitin ng mga Pilipino ang wikang sirena upang ilarawan ang isang metikong nilalang. Marahil ang salitang ito ay maiksi at nagbibigay ng mabilisang paglalarawan sa tinutukoy na nilalang kung ikukumpara sa mahabang paglalarawan. Halimbawa, mas madaling bigkasin ang salitang sirena kaysa sa sabihing ‘ang nilalang na may kalahating katawan ng isda at kalahating tao.’

Kapansin-pansin na ang mga salita o pariralang Ingles ay nagmula sa panahon ng Amerikano. Gaya ng mga salitang hiram sa Kastila, ang konsepto ng **Enchanted River** o **Sacred River** ay hango sa animismo, ngunit mas pinili ng mga Pilipino na gamitin ang salitang banyaga marahil sa pagpapakilala ng lugar na ito sa industriya ng turismo. Sa gayon, maaaring ang pariralang ito ay natutunan noong panahon ng Amerikano ngunit madalas lamang na gamitin ngayong kasalukuyang panahon upang paigtingin ang turismo sa lalawigan. **Hybrids** o tambalan ng mga wika ang karaniwang lumabas sa mga kolonyal na lipunan o sa isang malaking sentro ng kalakalan kung saan ang mga manggagawa ay lumiliko mula sa kanilang mga katutubong wika (Duranti, & Di Prata 2009).

2 Laswitan Lagoon (Surigao del Sur)

Maradjaw karadjaw laswit!

Sa Karaang panahon sa ato mga katiguyangan sa lungsod nan Cortes probinsiya sa Surigao del Sur may manag uyab na malaong nato na ang paghinigugmaay nila Laswinia ug si Tanio o Tany. Si Laswinia na gikan sa kwartahan na pamilya. May daku karajaw na negosyo na gumikan sa ila ka kwartahan. Si Tanio usa ka mangingisda tas an ija trabaho ug ang iyang marajaw na pamatasan an rason nan pagkaibog ni Laswinia. Isa sa lugar na kadtuanan nila Laswinia ug Tanio o Tany ang Lagoon sa lungsod nan Cortes. A paborito nila na kalingawan an pagkaligo didto. Ganahan gajud karajaw nila pagabuhaton an makaligo didto para rakan sab sila magkakita.

Isa ka adlaw adto, pormal na nagpakilaya si Tanio o Tany sa ama ug ina ni Laswinia bisan tagkuyba sija. Daya daya nija ang isa ka kahon, presko pa an mga isda para ihatag sa ama ug ina ni Laswinia. Pero waya nagustuhi nan ama ni Laswinia si Tanio o Tany kay isa ra lamang ini ka mangingisda. Tagpaiwat si Tanio o Tany nan ginikanan ni Laswinia sa bayay nila.

Pila ka adlaw waya na magpakita si Tanio o Tany kay Laswinia pero dili sija maka angot na di magpakita, nikadto sija nan patago sa bayay nila Laswinia para makita an ija hinigugma. Pero ya nay ija naabtan na tawo didto, nagmahay gajod sija karadjaw ug nasakitan. Pero naisip nija na waya makaangay an ama ni Laswinia ugsa siguro taglajo sa ija si Laswinia. Nikadto sija sa lagoon basi makita nija si Laswinia sa ila paborito na kitaanan. Nagdungan ang ija kaguol sa pagdagbos sa kusog na bayod pareha sa ija tagbati na kaguol nalajo na hinigugma. Nilabay ang katuigan ug natiguyang na si Tanio o Tany pero waya gihapon nibalik si Laswinia. Sugod adto na adlaw, getawag na Laswitan Lagoon para sa pagdumdum sa ila paghigugmaay na bisan wala sila magkadajon may makapadumdum sa ila duha paghigugmaay. Kuman, nusikat na ang Laswitan Lagoon ug ginabisita nan mga tawo. Sa pagdagbos nan kusog na bayod, makumpara ini sa sobra na kasakit ni Tanio o Tany na pagkalajo nila nan ija hinigugma.

Pambihira ang Laswitan Falls at Lagoon sa Cortes Surigao del Sur natatangi ito sa Timog-silangang Asya. Ang kagandahan ng lugar ay nagsisimula sa lagoon na isang natural na palanggana sa tabi mismo ng baybayin. Pinaghihiwalay ito mula sa karagatan ng mga kamangha-manghang pormasyon ng bato na nakapaloob dito. Parang may swimming pool sa karagatan. Sa katunayan, ang lugar na ito ay naging pangunahing seksyon kung saan ang mga bisita ay lumangoy upang magpalamig.

Maganda ang pagkakagawa ng kalikasan. Ang lagoon mismo ay sapat na dahilan para bisitahin ito. Ngunit ang nagpapa-espesyal sa lugar ay ang paraan ng paghampas ng malalakas na alon sa mga **rock formation**. Ang mga alon mula sa karagatan ay napakalakas kaya nagagawa nilang umakyat sa ibabaw ng 20-talampakang mga **rock formation**,

bumababa sa gilid ng lagoon, na lumilikha ng epekto ng mga talon. **Showstopper** ito mula sa taong nasa mataas na lugar o kahit na ang mga nakatayo lang sa tabi ng baybayin. May kakaibang bagay tungkol sa huni ng rumaragasang alon mula sa karagatan.

Ang lugar ay angkop sa pangalan na laswitan. Ang Laswitan kung tutuusin, ay nagmula sa salitang Bisaya, “*laswit*,” na isinalin sa “tubig dagat na humahampas sa mga bato.” Sa loob ng maraming taon, ang Laswitan Falls at Lagoon ay nakatago sa mga turista, salamat sa liblib na lokasyon nito. Ngunit kamakailan ay pinalakas ng lokal na pamahalaan ang mga kampanyang pang-promosyon sa hangarin na makakuha ng mas maraming turista na bumisita sa Laswitan kaya hindi na ito “lihim” tulad ng dati. Habang ang lugar ay bukas para sa mga turista sa buong taon, ang pinakamagandang oras upang bisitahin ito ay sa pagitan ng Oktubre at Marso sa panahon ng Amihan kapag ang mga alon ay mas malakas. May mga tagapangalaga sa lugar na maaaring tumulong sa mga bisita. Sila ay palakaibigan at handang kumuha ng iyong mga larawan. Hindi kinakailang magandang bigyan sila ng tip sakaling makatulong sila sa iyo sa iyong pagbisita. Ang Laswitan ay may tatlong lagoon: Lagoon 1-maaaring lumangoy ang mga bisita ngunit pinapayuhan silang mag-ingat dahil may mga **sea urchin** sa lagoon; Lagoon 2-ito ang pinakasikat, mas malaki at maraming tao ang lumalangoy sa lugar na ito. Gayunpaman, pinapayuhan ang mga bisita na huwag lumampas sa lubid at palaging gumamit ng lifejacket upang maiwasan ang mga aksidente; at Lagoon 3-sang **swimming area** ito na may 10 ft. ang lalim. Sinabi ng gabay na ito ay para sa mga matatanda lamang. Pagdating namin dito, may mga tumatalon mula sa maliit na bangin papunta sa tubig.

Laswitan ang tawag kay gikan sa root word na “laswit” na ang pasabot ang pag talsik sa bawod. Mao nay tawag sa mga locals hangtod karon na misikat na mga locals mga taga mardeliño, Cortes, Surigao Sel sur. Una, juay tulo ka lagoon. Daghay pwede kapilian sa mga kung gusto nila sa lawom naay lawom. Kung sa mabaw ra naay mabaw. Kung gusto nila magpa laswit, naa poy lagoon na igo mismo sa laswit. Ikaduha, unique ang laswitan way kapareha ug da adventure kay swimming na mountain climbing pa. Ikatulo, ang mga tawo. Na bibo kauban pag naa ka sa laswitan. Gikan sa tandag city padung poblacion, cortes 30 minutes to 1 hr ang byahe depende kung pampasahero or private.

Gikan sa poblacion, cortes to laswitan, madreliño, cortes another 30 minutes napud. Gikan sa poblacion, cortes pwede mamasahero motor ug habal habal. Unfortunately, way jeep or multicab na gabyahe gikan sa poblacion, cortes padung laswitan. Kasagaran sa mga mangadto kay naay kaugalingong sakyanan. Dili pero delikado mao di na pwedepaliguan pag alas 5 na kay kulba na kung mulaswit tapos ngitngit. Ang istorya sa laswitan mao nay lugar na taguanan sa mga locals kadtong naa pay gvera kay mga locals raman ang nakahibawo pa ana saunang panahon. Sauna, ang laswitan dili pa tourist spot. Kaliguanan ra ni sa mga taga cortes. Karon na nisikat ang laswitan tungod sa mga pictures ug videos na makita sa social media. Sa Brgy. Madreliño, Cortes, Surigao del Sur hikit an ang Laswitan.

Daghang mga preventive measures ang gihimo sa lgu cortes specifically ang tourism department. Una, bawal pakan an ang ubos na part tungod kay pwede madakit ang mga pagkaon ug mga plato, botilya, etc sa dagat. Ikaduha, gibawal ang pag inom para malikayan ang mga pagbuak sa mga botilya na pwede maoy magkanat sa laswitan. Ikatulo, disiplinado ang mga bisita kay kahibawo mulimpyo sa mga basura. Ug kung naa man galing mga basura na mabiyaan or mapalid sa laswit, naay mga bantay sa laswitan ug sila ang nagmaintain sa kahinlo sa laswitan.

Talahanayan 2.

Mga Salita/Pariralang Kultural na Naghuhudyat ng Kasaysayan sa Naratibo ng Laswitan Lagoon

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
rason nan pagkaibog	Dahilan ng pagkakagusto	Kastila
kalingawan an pagkaligo	Kasiyahan ang paliligo	
Nagdungan ang ija kaguol	Sumabay sa kanyang kalungkutan	
natiguyang na	Tumanda na	
Pagdumdum	Pag-alaala	
Laswit	Talsik ng tubig	Bago dumating ang mananakop
Laswitan Lagoon	Laswitan Lagoon	Amerikano
Bayad sa Pagpasok	Bayad sa Pagpasok	Kasalukuyan
nusikat na	Sumikat na	
Bayad sa parking	Bayad sa parking	
Kotse	Kotse	
Motorsiklo	Motorsiklo	
Maaari kang magdala ng pagkain	Maaari kang magdala ng pagkain	
Bawal magkalat	Bawal magkalat	
Bawal manigarilyo	Bawal manigarilyo	
Walang Alak	Walang Alak	
Bawal ang mga hayop	Bawal ang mga hayop	
Walang Vandalism	Walang Vandalism	
Walang Pag-akyat sa mga bato	Walang Pag-akyat sa mga bato	

Ang **Talahanayan 2** ay nagsimula noong panahon ng mga Kastila. Malalaman ito sa mga pangalang ginamit sa pangunahing karakter, paaran ng kanilang pagyaman, at pagsasalaysay ng kanilang estado sa buhay. Matatayang ang karakter dito sa alamat ay mayaman dahil sa pangangalakal. Ayon sa historya ng panahong bago dumating ang mga mananakop, ang panliligaw sa Pilipinas ay isang mahaba na proseso at nangangailangan ito ng masigasig na panunuyo, hindi lamang sa dilag ngunit pati na rin sa mga magulang. Ang tawag sa kaugaliang ito ay ‘paninilbihan’ (Filipiknow, 2022. Filipoknow. 2022.12 Surprising Facts You Didn’t Know About Pre-Colonial Philippines). Makikita sa alamat na ang pagiging magkasintahan ng mga karater ay hindi dumaan sa paraan ng nakakatandang kaugalian. Kapag ang dalawang grupo ay nagsasanib, tulad ng **tribal absorption**, inaadap ng mga grupong minority ang kultura ng mga mas malakas na tribo o mas makakarami sa kanilang paligid at ito ang nananaig (Duranti, & Di Prata 2009).

Sa panahon ng Amerikano, ang naging bahagi nila ay ang pagdugtong ng wikang Ingles sa Laswitan Lagoon. Ang kros-kultural ay maaaring magbigay-daan ng paglipat ng wika at nagreresulta sa pagtalikod sa mga katutubong wika (Duranti, & Di Prata 2009).

Ang kasalukuyang panahon naman ay napupuno ng hudyat ng turismo kung saan pinagkakakitaan ang mga magagandang tanawin. Ang paglaganap ng mga alituntunin na ingatan ang magagandang lugar ay nagsimula din nang dumagsa ang mga bisitang banyaga sa bansa. Ang mga pangangailangan para sa pakikilahok sa mga gawaing pampulitika ay kadalasang sinasamahan ng mga pangangailangan para sa reporma sa wika (Duranti, & Di Prata 2009).

3. **Britania Islands**

Maradjaw karadjaw an mga gagmay na Isla!

*Adton unang panahon, isa sa mga **maradjaw karadjaw** na pamilya, an isa ka ama na tiguyang na, managatay sanan may ija pito ka mga anak, duha nan ini an mga dayaga ang naghuya sa isa ka bayay na sakop sa Probinsya ng Surigao del Sur. Kada adlaw makita an duha ka anak na dayaga na malipajon na naghimo sa ila mga buluhaton sa ila bayay, sanan malipajon sab na mangaligo, mag jagan jagan sanan magkinataw-anay.*

Ang kagwapa nila Brinda sanan Tanya bantogan sa ila lugar sanan biskan pa sa mga lagjo na lugar. Ugsa, dili ikatingaya na mahamok mamisitahay na mga ulitawo sa ila bayay. Sa isa na pagkasulti hamok may gusto na manguyab o mamenyuan ang duha ka anak na dayaga sa isa ka managatay. Grabe ka pinayangga sa ama ang ija duha ka anak na dayaga na si Brinda og Tanya. Niabot na sa punto, na mahadlok an ila ama na mamenyo sila sanan maladjo sa ija ang duha nija ka anak. Ang gusto ra sa ila tatay kung mamenyo man gani ang duha ka dayaga, unta taga ila ra sab na isla para dili maladjo sa ija ang ija mga anak.

Isa ka adlaw may isa ka grupo na mga maskuladong ulitawo na negosyante ang niabot sa isla. Tungod nabalitaan na adunay mga gwapa sa isla na sila Brinda sanan Tanya, mao ang rason sa pagdayo nan mga ulitawo sa ila lugar. Nikadto ini na mga ulitawo dili tungod sa ila negosyo kundi tungod sa mga dayaga. Sakay ini na mga ulitawo sa mahal on sanan paspas mojagan na bangka.

Samtang hapit na matapos sanan mapuno nan magana na mga bato sa baybay, nag desisyon an dayaga na isulti sad an ija tagbati. Pero sa waya damha na kahigayonan tagtaptan sija nan sakit na waya dajon sija maka kadto sa higante na nag huyat na ipakita an na makahigugma na baybay. Pero waya maka abot an dayaga ugsa sobra an pagkaguol sanan pagkabayaka sa higante. Ugsa tag sugo nija an ija amigo na langgam na kadtuon an dayaga. Samtang sa ija paghuyat na makabalik an ija amigo dili sija mahimutang sunod tagkuyba. Pagka taod-taod ni abot ija amigo sanan didto sija nakabayo na nagkasakit an dayaga sunod kalit ra napatay. Grabe an sakit sanan kasubo na tagbati nan higante. Waya nija maisip ngaman adto man an nahitabo tapos tagbijaan ra sija nan waya mag pahibayo. Tagbalik nija tanan nila kaagi, an mga kaanyag sa mata sa dayaga sunod ngisi nan dayaga sanan an gwapa na wayong na di na nija makita pa. Tag lantaw nija utro an dagat sunod an baybay, nakalaong na lamang na “Para sa imo ini mahal, kalimbungan nimo kay kalit ra nimo ako ta bijaan nan wayay pahibayo man lamang. Ajaw kabiyo mahal, ako ampingan imo baybay, pagwapahan, sunod ako ini higugmaon sama sa ako pag higugma sa imo”.

Usa ka sitio ng Baranggay Ipil ang Mabua katong waya pa nahimong Baranggay. Adunay upat nga nag una na ug pamujo sa maong dapit. Kay tungod ang ngayan nga Robua dili maafo sa dalunggan, gi ilisdan kini ug Mabua. Nadiskobrehan ang sitio sa tuig 1860. Nakamatikod ang mga nagpujo nga abunda ang kayutaan niini. Sa tuig nga 1870, ang mga Boholano ug pipila ka tawo gikan sa Leyte ang namujo sa maong dapit. Sa tuig nga 1990 ang tibook sitio ni abunda ug mas ni nindot. Sa tuig 1958, nubuyag ug nahimong barangay ang Mabua ubos sa administrasyon ni anhing Mayor Ramon Kaimo. Ini ang mga opisyaes ug ang petsa sa ilang mga kompanya. Ginatawag ni sila ug " Teniente de Barrio "

1. Nicolas Solante- 1939
2. Patricio Luzagapa- 1943
3. Pedro Casalta- 1948
4. Juan Gorgod- 1952
5. Ambrosia Apollo- 1958
6. Florencia Cedro- 1956
7. Vicente Llido- 1971

Ang Barangay Mabua ay dating Sitio ng Barangay Ipil bago nabuo bilang barangay. May apat na orihinal na naninirahan sa nasabing lugar. Nagkaroon ng pangalang Robua na dahil hindi maganda sa pandinig ang tunog, ay pinalitan ng Mabua. Nadiskubre ang sitio noong 1860. Namataan ng mga nakatira sa lugar na sagana ang lupa. Sa taong 1870, ang mga Boholano at ilang taga-Leyte ay piniling manirahan sa sitio. Sa kasagsagan ng taong 1990, ang buong lugar ay mas nagingangat at sibilisado.

Ang Surigao City ay isa sa maraming lungsod sa Pilipinas na maunlad. Sa katunayan, ang mabagal na pag-unlad nito ay nagsisimula na nananatiling maganda at dalisay ang mga dalampasigan at mga daanan ng bundok nito. Hindi katulad sa mga mas sikat na lugar sa ibang bahagi ng bansa mabilis nga ngunit nawala ang pagiging maakit nito. Sa mabilis na takbo ng panahon at maraming pagbabago, ang kultura ng probinsya ay nananatiling buo.

Isa na rito ang Mabua Pebble Beach, matatagpuan ito 30 minuto mula sa sentro ng lungsod ng Surigao, ito ay natatangi sa karamihan ng mga beach sa Pilipinas dahil sa maraming makikinis na puting bato na tumatakip sa mga dalampasigan nito. Hindi mabilang-bilang ang mga makinis na maliliit na bato na siyang bumubuo sa Mabua Pebble Beach, bawat isa ay may iba't ibang laki at hugis (madalas oval). yon sa mga **reflexologist**, ang paglalakad nang walang sapin sa makinis na mga bato ay may malakas na epekto sa katawan dahil ang mga paa ay may mga reflex point na konektado sa ating mga panloob na organo.

Ang pinakamalayong resort sa Mabua ay ang Mt. Bagarabon Beach Hotel and Resort, isang kakaiba ngunit komportableng resort na matatagpuan sa paanan ng bundok. Ang Bagarabon ay pinangalan sa isang specie ng mga paru-paro na makikita doon. Ang magagandang paglubog ng araw sa isla ay tumatawid sa iyong mga mata habang nagrerelaks sa mga kamalig na itinayo sa parehong lugar. Ang lebel naman ng tubig ay nakakaengganyo din, ito ay mala-kristal sa sobrang linaw. Ilang hakbang lamang mula sa baybayin ay nagiging madilim na kulay asul ang tubig na nagpapahiwatig na ito ay malalim na. Kaya napakaganda nito lalong-lalo na sa mahilig mag "free diving".

Ang isa pang hindi maaaring palampasin ng mga turista ay ang mountain trail na nagsisimula sa likod lamang ng hotel. Ito ay may 380 hakbang paakyat ng bundok. Kung matagal ka nang hindi nag-eehersisyo, mas mabuting ihanda ang iyong sarili para sa isang mahaba at mahirap na pag-akyat kahit na ang mga hakbang ay gawa sa konkreto. Ngunit sa sandaling makarating ka sa tuktok, mararamdaman mong sulit ang lahat. Ang unang bagay na mapapansin mo pagkatapos ng 380 hakbang bukod sa nanginginig mong mga binti at pumuputok na бага, ay ang dambana na inilaan kay Mother Mary. Ito ay kung ano ang karamihan sa mga umakyat dito para manalangin at tamasahin ang isang sandali ng katahimikan. Ngunit hindi lang iyon, sa tapat ng dambana ay medyo nakakubli ngunit gayunpaman kamangha-manghang tanawin ng look sa ibaba. Makikita mo ang mahabang strip ng pebble beach sa ibaba pati na rin ang bulubundukin sa malayong katapat nito.

Sa pagbaba mula sa tugaygayan ng bundok, makikita mo kung ano ang nasa ibaba, ngunit hanggang sa mas malapit na kapatagan ay makikita mo ang nakamamanghang tanawin, ito ay ang Looc Beach na mayroong mga pebbles sa gilid na mas maliit. Ang kaliwang bahagi ang mas malapit sa Mabua na kung saan karamihan ng mga tao ay nagtitipon upang lumangoy. Ito rin ang pinaka kaakit-akit na lugar. Ang malalaking pormasyon ng bato na nakausli sa tubig ay parang isa sa mga postcard na larawan ng mga banyagang lugar na noon pa man ay gusto bisitahin ng mga turista. Sa panahon ng **high tide**, ang bangin na karugtong sa bundok ay gumagawa ng isang perpektong lugar ng pagsisid.

Base sa inilahad nina Ivony Jurgod (41 taong gulang) at Grace Ramos (48 taong gulang) na nakatira sa Brgy. Mabua, ang Mabua ay mula sa salawikain na "*maghabua*" dahil sa kasaganaang tinatamasa ng mga taga-isla na nakakakuha ng maraming isda lalo na ang sigarilyong nokus. Ang lugar ng Mabua ay dating sakop ng Barangay Ipil. Napag-alaman ng mga mananaliksik na apat lamang ang naninirahan sa nasabing lugar noong unang panahon. Robua ang orihinal na pangalan nito ngunit di maganda sa pandinig kaya pinalitan ito sa pangalang Mabua.

Ngunit may itinatagong mga kababalaghan din ang lugar ng Mabua. Marami na rin ang naiulat na insidente sa nasabing lugar. May napag-alamang namatay at nawawala. Nakapanayam ng aming grupo si nanay Monaliza, 58 taong gulang at labing anim na taon ng naninirahan sa Brgy. Mabua. May haka-haka silang maaaring isang '*aju-an*' ang lugar na kumukuha ng mga taong naliligo sa dagat. Mayroon din silang mga tinatawag na okoy at kataw na pinaniniwalaan nilang sanhi ng pagkalunod ng mga ito. Ayon din sa kanya, na ang mga bato sa Mabua Pebble Beach ay nanggaling sa Pilakan, Agukan sa yungib sa may Ariba. Doon daw ay may nagpapagiling ng napakaraming mga bato na hindi natin nakikita at sa dalampasigan napupunta. May mga paniniwala din na tuwing pagsapit ng gabi ay may 'santilmo' o apoy na lumulutang sa dagat. Dagdag niya ay may nahagilap na kapre at hindi sinasadyang makuhaan ito ng piktyur ng isang turista. Dagdag pa nina Ivony Jurgod at Grace Ramos na usap-usapan sa Barangay na may mga maligno sa kanilang simbahan.

Pagdating naman sa pagkain at kakanin, hinding-hindi magpapahuli ang Mabua sa kanilang masasarap at sikat na pagkain. Isa na rito ang *sayongsong* na sikat na panghimagas na makikita pagpasok palang sa Mabua Beach. Ito ay nakaporma sa isang dahon ng saging, isang panghimagas na ginawa galing sa pinong giniling na malagkit na may halong gata at asukal.

Tunay na masagana ang Mabua Pebble Beach dahil ang mga taong nakatira malapit sa dagat ay masaganang nakakapangisda. Ika nga nila, sila ay naaambunan ng grasya lalong-lalo na sa buwan ng Oktubre hanggang Marso. Ang madalas nilang nakukuha ay ang mga isdang tinatawag na puyahan na isda o bayubod, budloy, pirit, hawl-hawl, atuyay, tamarong at ang pinakasaganang nokus na sigarilyo. Ang gamit ng mga mangingisda ay maliit na bangka (pambot kung tawagin), may tinatawag silang *surit* (para sa paghuli ng mga pusit) at pinikit (dalawang bangka) bombilya at generator dahil mas namimingwit sila tuwing gabi gamit ang kanilang pukot o arihan na 'lindo' o ipinapalibot nila sa dagat upang makahuli ng mga isda.

Ipinagdiriwang ng mga taga-Mabua ang Fiesta Senior San Juan Bautista tuwing Hunyo 20 taon-taon. May tinatawag silang "Araw ng Mabua" tuwing ika-18 ng Disyembre upang ipagbunyi ang kasaganaang natatamo ng Brgy. Mabua. Isa sa mga inaabangan din ng mga turista ng **Mabua Pebble Beach** ay ang tinatawag na 'Bangkarera' na idinaraos tuwing Marso 18 hanggang 20 taon-taon. Dahil sa malawak ang nasasakupan ng lugar ay dito ginaganap ang nasabing kompetisyon ng mga maliliit na bangka.

Talaga namang binabalik-balikan ang Mabua Beach dahil sa natatangi ito sa lahat ng mga beach. Dagdag pa rito ang mga naglalakihang bato nito at sa napakalinaw na tubig. Dahil walang kahit isang butil ng buhangin, sa kanila, ang tubig sa pebble beach ay napakalinaw. Kahit nasa dibdib na tubig, makikita mo pa rin ang iyong mga paa! Ang mga pebbles lalo na sa tag-araw, ay walang anumang lumot na nakakapit sa kanila at nag-aambag ito sa pangkalahatang kalinawan ng tubig. Kaya halina ating puntahan at tunghayan ang alindog ng Mabua Pebble Beach.

Ang Mabua Pebble Beach ay kabilang sa mga mahal na **tourist attraction** ng Surigao City. Ang Lungsod ay bahagi ng Lalawigan ng Surigao Del Norte sa Rehiyon ng CARAGA at ang **gateway** sa sikat na Siargao Islands at ang

Lalawigan ng Dinagat Islands. May iba pang mga tourist spot na maiaalok ng Surigao City ngunit nakita ng mananaliksik ang Mabua Pebble beach bilang kakaiba sa maraming aspekto.

Kilala ang Pilipinas sa pagkakaran ng magagandang beach resort, dahil dito ay dinadayo ito ng mga lokal at dayuhang turista. Pero dito sa Surigao Del Norte umagaw ng aming atensyon ang may apat na kilometrong kakaibang beach na ito. Sa halip na buhangin, iba't ibang klaseng bato ang nakalatag sa dalampasigan na siyang magsisilbing apakan ng sinumang magsisilangoy dito.

Subalit sa kabila ng puro batong ito, dinadagsa pa rin ito ng mga nais magpalipas ng oras at mag-relax kahit sa panandaliang panahon.

Ito ay may 30 minutong biyahe mula sa sentro ng lungsod. Bumaba sa Mt. Bagarabon Mountain Resort at lampasan ang kanilang Hajahay Suites patungo sa pebble shore. May inukit na hakdan sa gilid ng maliit na burol, umakyat lang sa hagdan at sa kabila ay ang Pebble beach na. Kung hindi mo gustong maglakad, maaari kang umarkila ng banca (maliit na bangkang pangisda) upang dalhin ka sa pebble beach.

Talahanayan 10..

Mga Salita/Parirala sa Naratibo ng Mabua Pebble Beach, Surigao del Norte na Naghuhudyat ng kasaysayan

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
Aju-an	Pambihirang pangyayari ng biglaang pagkawala ng tao	Bago dumating ang Kastila
Kamalig	Kamalig	
Mautro ilang anyo		
Panimuyo	Pamumuhay	
Malagmi	Masarap	
Kataw	halimaw na may anyong kalahating tao, kalahating isda	
Lindo	Ito ang tawag sa kagamitang pandagat na panghuli ng isda	
Yungib	Ang natural na butas sa mga dalampasigan na pwedeng pasukan ng tao o hayop	
Mga isda (tamarong, pirit, Hawl-hawl, Atuyay, bayubod, budloy og sigarilyo nga nukos	Mga isda	
Pinikit	Bangkang pinagdikit	
Budloy	Uri ng isda	
Hawl-hawl	Uri ng isda	
Pirit	Uri ng isda	
Surit	Sasakyang pandagat na ginagamit sa paghuli ng posit	
Bayubod	Ito ang tawag sa mapula at malalaking isda, madalas itong mahuli sa buwan ng Oktubre hanggang Marso	
Tamarong	Isang uri ng isda na madalas	

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
	nakukuha sa buwan ng Oktubre hanggang Marso	
Atuyay	Isang uri ng isda na madalas nakukuha sa buwan ng Oktubre hanggang Marso	
Bangkarera	patimpalak sa Mabua na nangyayari tuwing Marso 18 hanggang 20.	
Okoy	Ang tawag sa mga hayop na tila daw kalahating tao at kalahating isda. Pinaniniwalaang kumukuha ng mga tao.	
Robua	Robua	
Euli sa mga balay	Babalik sa mga bahay	
Sitio	Sitio	
Robua	Taga-Mabua	Kastila
Sayongsong	Kakanin	
Teniente de Barrio	Opisyal ng barangay	
Basta bulanon	Kapag bilog ang buwan	
Abunda	Sagana	
Magbestida ug taas	Magsuot ng mahabang baro	
Santilmo	Santelmo	
Bato/ Pebbles	Graba	Kasalukuyan
Senior San Juan Bautista	Señor San Juan Bautista	
Sigarilyo	Sigarilyo	
Mag-relax	Mag-relax	
Maghinay lamang	Mag-ingat lamang	
pila ra ka panaw ang kalajo on	Ilang hakbang nalang	
gikan sa hunasan	Mula sa dalampasigan	
jaoy puruhan na layom ang dagat	Biglang lalalim ang dagat	
reflexologist	Reflexsologist	
na ang pagpanaw panaw	Paglalakad	
nan wayay sapin	Ng walang sapin sa paa	
mga bato Kay jaoy epekto sa ato mga siki	Ang mga bato ay may epekto sa mga paa	
konektado sa ato mga organs	Konectado sa mga parte sa loob ng katawan	
dili katuhuan sanan makadajaw	Kamanghamangha at nakakagaling	
Safety First	Safety First	

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
Mabua Pebble Beach	Mabua Pebble Beach	Amerikano
Nilapao ra sa semento	Mataas ng kaunti sa semento	

Ang mga salita at parirala sa Talahanayan 20 ay sumasaklaw sa apat (4) na panahon ng kasaysayan gaya rin ng iba pang nagdaan na talahanayan. Ang mga pangalan ng mga isda na siyang mga likas na yaman ay hango pa rin sa salita noong wala pa ang mga mananakop. Halimbawa sa Ifugao, sinabi ni Roy F. Barton, na sumulat ng **ifugao folklore** sa kanyang katutubong wika na “mahalaga ang aking paniniwala at ritwal na teorya”. Tinalakay niya ang pag-uuri, kaugnayan at posibleng pinagmulan ng pangunahing pinagmulan sa ifugao corpus na binibigyang-diin ang mga tungkulin ng mga katha at kaugnayan nito sa ritwal at relihiyon.

Ang panahon naman ng kastila ay mga salitang naglalarawan ng kayamanan gaya ng wikang “abunda”. Ang salitang “sigarilyo” na hango sa salitang *cigarillo*. Ang layunin ng mga kastila upang gawing sibilisado ang mga Pilipino sa kanilang sariling pamantayan ay naisakatuparan at ito ay makikita sa pagsanib ng kanilang wika sa salating bernakulo. Ang **syntactic subordination at coordination** ng mga kataga ay nagbunga ng mga uri ng espanyol na salita (Boas, 1940).

Ang mga amerikano naman ay nag-ugnay ng paglalarawan nila sa mabua. Dinugtungan nila ito ng pebble beach upang ang mga nakikinig sa kanila ay malalaman at maiintindihan ang mukha ng baybaying ito na hindi na nila kailangang ipaliwanag gamit ang mahabang pangungusap. Ang salita noong panahon ng amerikano ay ayon sa kalakhang paggalugad nila sa bansa (gonzalez, 2017). Mapapansin na hindi nila pinalitan ang mabua kahit na maaari naman nilang sabihin bubbly pebble beach kung gugustuhin nila. Naging wikang hybrid ang pangalan ng mabua pebble beach.

Sa pagdaan ng panahon at umabot na ngayong kasalukuyan, ang hibla ng wikang filipino ay naihabi sa iba’t ibang banyagang wika. Ang mga satitang “magpa-reflex”, “magpa-manicure” “magpa-massage” ay mga salitang kilalang-kilala sa baybayin kung saan nagpapahinga ang mga bisita. Makikita ang sociohistory na ang Pilipinas ay konektado sa amerikano dahil sa pagsasanib ng dalawang wika na naganap sa paglipas ng mahabang panahon (Boas, 1940).

10. Mainit Lake 1 (Bersyon 1)

Maradjaw karadjaw an Mapaso na Tubig!

Matod pa sa mga tinu-ohan, jaoy isa ka tribu na nitakas sa mga piratang moro. Isa ka ilado na grupo sa mga pirate saunang panahon. Sa ilang pagbiyahe, naka-abot ang tribu sa is aka dako na danao na gilubutan ang is aka bukid kung hain jaiw isa ka bukal. Giatawag nila kini nga “mapaso” ng anag pasabot nga init. Sugod kaniadto hapsay na ila pamujo sa maong lugar ug sa dugay na higayon gitawag nila kini nga “Mainit”.

Sa lain na mga istorya, ang ingun sa uban na jaoy gamay na sitio sa maong lugar. Ang maong lugar nalibutan sa lupa ug abunda sa mga tanom. Ang panginabuhian sa mga nagpujo kaniadto mao ang pagpananom ug humay ug mga nagkalain-lain na kahoy. Usa ka adlaw nikalit ra lamang bundak ang kusog na uyan hangtod sa gibahaan ang maong sitio hangtod karun mu-ingon gihapon ang mga tawo na naa ra sa ilayom sa tubig ang maong sitio natabunan sa tubig. Matod pa sa mga istorya na usahay jaoy adlaw na murag mo-aso ang tubig sa danao. Kay nagluto kuno ang mga tawo sa ilayom sa tubig nan ila pagkaon maong mo-init ang tubig sa danao.

Ayon sa mga alamat, minsan ay may isang tribung tumakas sa mga piratang Moro, isang kilalang grupo ng mga pirata noong unang panahon. Sa mahabang paglakbay, narating ng tribu ang isang malaking anyong tubig na napapaligiran ng mga bundok kung saan matatagpuan ang isang mainit na bukal. Tinawag nila itong “Mapaso” na

nangangahulugang nasusunog o mainit. Sila ay nanirahan sa lugar at matiwasay na nakapagtago. Kalaunan, tinawag nila ang lugar na "Mainit".

Sa ibang kwento naman, sinasabing mayroong isang maliit na pamayanan ang nakatira sa lugar na ito. Ang lugar ay napapalibutan pa ng lupa at sagana sa mga tanim. Nabubuhay ang pamayanan sa pamamagitan ng pagtatanim ng palay at iba't ibang uri ng kahoy. Isang araw, bigla na lamang daw umulan ng malakas hanggang sa umapaw ang tubig sa bundok at binaha ang munting pamayanan. Sa kasalukuyan, sinasabing ang pamayanan ay nasa ilalim pa rin ng tubig, napapaligiran lamang ng mayayabong na kakahuyan kung kaya't hindi masyadong maaninag mula sa itaas ng tubig. Sa katunayan ayon sa mga sabi-sabi, may mga araw na parang umuusok ang tubig ng lawa. Ito ay dahil ang mga tao sa ilalim ay nagluluto ng kanilang pagkain na siyang nagpapainit sa tubig.

Ang lungsod sa Mainit maoy usa sa pinakanindot ug ginabalik balikan sa mga turista. Tungod kini sa talagsaon nga tubig dinhi nga natural nga init nga labing nakadayeg sa kadaghanan. Dugang pa, ang Mainit adunay daghang mga kasuroyan, aduna sab resort, talon ug nindot nga talan-awon. Ganahan ang mga turista mag balik-balik kay hilom, daghang mga kahoy ug presko kaayo nga hangin nga imong mahanggaw kon mosuroy ka sa Mainit. Tinginit man o tingtugnaw ang mga turista musuroy gihapon kay naay mga resort nga tubig mismo sa Mainit ilang gigamit aron makahumol ug ma relax jud ka. Isip usa ka lumulupyo sa Surigao usa kini sa mga lugar nga ikapasigarbo sa ubang mga tawo. Hamok an ila mga produkto na tag baligja para pasalubong sa ilang mga kamag anakan. Isda nga pijanga an pinaka himaliton ug paborito nan tanan. Petsa 15 nan disyembre an adlaw nan Mabuyok festival, kun hae hamok mga balikbayan ug turista an magsikadto tungod sa ganahan an mga tawo nga makakita ug makulay na pista nan mainiton ug mahibal.an an storya sa lumad ug nakaraan nan mga taga mainit diin adunay choral singing ug folkdance competition nga gisalmotan sa mga tinun-an gikan sa Elementary hangtod sa High School. Ang selebrasyon sa Adlaw nan Mainit hangtod sa Disyembre 15 diin gipahigayon ang Mabuyok Festival, ang kompetisyon sa Mabuyok mao ang finale. Ang Mabuyok usa ka lumad nga termino sa Mainit nga nagpasabut nga talagsaon, bag-o, dili kasagaran ug mabulakon. Ang pasundayag naghulagway sa sinugdanan sa kinabuhi sa Mainitnon nga "Danaw" nga gitawag sa lokal nga lanaw. "Danaw ang tinubdan sa kinabuhi! " Kay ang lanaw mao ang dugo ug panginabuhian sa ilang mga katigulangan ug hangtod karon. Ang Mabuyok Festival usa ka mabulakon nga pasundayag nga gitambungan sa mga tinun-an sa ilang lugar gikan sa elementary hangtod sa sekondarya alang sa mga bag-ohan ug mga batan-on nga dili makalimot kung unsa ang istorya sa ilang mga katigulangan. Among namatikdan usab ang mga tanom nga anaa sa tubig sa lanaw nga gitawag kini og "Pagusi" kini lumad nga lutos mao kini ang bulak nga nagsimbolo sa kainit sa pagpakiglabet sa mga Mainitnon.

Ang lungsod sa Mainit nahimutang sa habagatan-kasadpang bahin sa lalawigan sa Surigao del Norte - 44 ka kilometro gikan sa kabesera-Surigao City. Ang temperatura sa tubig talagsaon tungod kay kini natural nga init. Dako ug lapad ang lanaw nga nahimutang dinhi sa Lake Mainit. Daghan ang mga anindot nga resort hinungdan ang turista mag balik-balik gyud. Inig paingun sa Mainit malingaw ka sa mga gana kaayo nga talan-awon diin makita nimo ang basakan ug sa pikas kilid mao ang Lawa sa Mainit nga taas ug lapad kaayo. Ang Mainit natural nga nindot ug abunda sa mga gana nga view, adunay talon nga gitawag ug Togonan Falls sa barangay Marayag. Ang palibot hilom ug limpyo sa Mainit ug madanohon sa iyang katahom. Tungod sa kadako sa lawa niining gitawag nga Mainit Lake, Pangisda ug Pagbukid ang panginabuhian sa mga Mainitnon. Ang mga mangisdaay managat gikan sa hapon paingun sa kagabhion. Pajinga, hayuan , bugwan , balolong , gurami ug kasili ang kasagaran na kuha sa mga managatay . Usahay pud makakubit silag Bingaw isda nga pula. Apan niini among nahibal an nga ginagmay ra ang kuha sa mga mangisdaay mahitungod nga adunay illegal na mangisdaay pud diin ilang pukot kay gagmay ug mata maong ang mga gagmay kaayo nga isda sama sa Pijanga nga gitawag nilang Saguyon kay makuha jud. Ang

Pijanga kay isda nga lumad sa Mainit ug dili hitupngan sa ubang mga lawa Usa sa pangkinabuhi nan mga tawo labi na sa mga kababaihan an paghimo nan bulad na Pijanga.

Talahanayan 10..

Mga Salita/Pariralang Kultural ng Mainit Lake, Lungsod ng Surigao na Naghuhudyat ng kasaysayan

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
Rotten	Kapansin-pansin	Bago dumating ang mga mananakop
Saguyon	Maliliit na Pajinga	
Pajinga	Uri ng isda sa Mainit Lake	
Pinakanindot	Pinakamaganda	
Nag Laya	Nangingisda sa Mainit Lake	
Tubig sa danaw	Tubig sa lawa	
Bingaw	Uri ng Isda sa Mainit	
Hain jauy isa ka bukal	May isang bukal	
Jaoy adlaw mu-aso	May araw na mausok	
Dako na danaw	Malaking Lawa	
Bundak kusog ulan	Bumagsak ang malakas na ulan	
Pagusi	Pagusi	Kastila
Gibahaan ang sitio	Binaha ay sitio	
Abunda sa tanum	Maraming tamin	
Mabuyok Festival	Pista ng Mabuyok	Amerikano
Mardi Gras	Mardi Gras	
Ginabalik-balikan	Binabalik-balikan	Kasalukuyan
Daghang kasuroyan	Maraming pasyalan	
Mainit Lake I	Mainit Lake I	
Mahanggaw	Pangamba	
Magsikadto	Mapunta	
dili kasagaran ug mabulakon	Hindi pangkaraniwan	
Kanunay pahinumduman	Palaging paalalahanan	
Likayan ang paglabay sa basura	Iwasan ang pagtapon ng basura	
Dasigun	Hikayatin	
Mainitun	Mga taga-Mainit	
Maduyok		
Dili kini kalimtan	Huwag itong kalilimutan	
Pangalagaan ang lawa	Pangalagaan ang lawa	
Gamay an mata	Maliliit ang butas	
Paggamit sa pukot	Paggamit ng lambat	

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
Himuon buwad	Gagawing tuyo o daing	

Makikita na hindi nagbago ang mga pangalan ng uri ng mga isda mula noong bago pa dumating ang mga Kastila. Ang mga katawagan sa iba't ibang uri ng isda sa Mainit Lake ay siyang ginagamit pa rin ng mga lokal na residente.

Sa panahon naman ng mga Kastila, natutunang gamitin ang mga salitang “Pista” na nagmula sa salitang “Fiesta”. Ang pagdiriwang ay isang kaganapan na alam at idinaraos ng mga katutubo. Ang konsepto ay alam na ng mga Pilipino bago pa man dumating ang mga Kastila. Sa historya, mababasa na ang Pilipino noon ay mas matagal pang magdaos ng kanilang pagdiriwang dahil umaabot ito ng ilang mga araw. Nang dunating ang mga Kastila, pinaghalo nila ang relihiyon ng Katoliko at pagano na siya namang paniniwala ng mga sinaunang mga Pilipino.

Nang dumating ang Amerikano, dinala nila ang pagdaraos na “Mardy Gras” o Fat Tuesday (Creecy, 860AD). Ang Mardy Gras ay salitang hiram ng Amerikano sa mga Prances. Ito ang pagdiriwang ng pagkain ng matataba bago idaos ang araw ng pagninilay o mahal na araw.

Sa pangkasalukuyang panahon naman, mababasa na ang mga salita na nagagamit sa lalawigan ay mga tungkol sa pagbisita sa lugar at pangangalaga sa kalikasan upang mapanatili pa ang natural na anyo ng mga lugar na pangturistang ito.

11. Lake Mainit- Pangalawang Bersyon

Isa adto ka duyom samtang nagsuyong an mag-asawa sa isa ka kapon-an nan kahoy sa atbang nan ila bintana nakita gadjod nila na nahimo ini nan is aka dako na palasyo. Gikan sa ila tagtindogan nakita nila nag duha ka tawo., an isa bagan manambayon(albularyo) sanan an isa hari arang ka kalit na nawaya sa ila panan-aw, amo na nakahuna-huna sila na basin nagdamgo ra sidja. Pagkasunod duyom, nakabati na sab sila ng tingog/bores tas ini tagsundan hangtod nakaabot sila sa likod nan ila palasyo sanan nakita nila ang mga masugo na nagpasubo nan tubig. Sa way duha duha nabati gajod nila ang bores nan bata. Ang Reyna baja nagpakatawo nan ija bata...

Pagkahibayo nan mag-asawa, nusuyod dajon sila sa palasyo dakan Makita nila kon uno'y panhitabo pero an nakamalas kay nasapiti sila sa kuyon na may nagsubo na tubig. An nagsubo na tubig na jabo tas nusagol sa tignaw na tubig sa may sapa-sapa. Amo adto hinongdan sa mga pagbaha sanan pagsuwak nan tubig na amoy hinungdan sa pagkadaut nan mga tinanum sanan mga panginabuhian nan mga katawhan sa amo na lugar. Samtang nagjagan an panahon an mga sapa-sapa nuhawag sanan nahimo nan DANAW O DANA O na mas nakilay-an sa ngayan na MAINIT LAKE, sigun sa tagtuohan nan mga Mainitnon na nupaso ang tubig tungod sa tubig nan engkanto na nagsubo na najabo didto sa sapa-sapa. Tagpakita sa sugilanon an mga hinungdan kon ngano may mga kalamidad man, tungod kay nakalimot ra lamang an mga tawo na dapat ariglahon o atimanon ang palibot. Seguro ya na sila kabantay na an ila mga desisyon sanan ila mga hingas nakadaut na baja sa ato kinaijahan.

Talahanayan 11

Mga Salita/Parirala sa Narattibong Mabua na may Hudyat ng Kasaysayan sa Mainit Lake 2.

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
bagan manambayon	Manggagamot	Bago dumating ang mananakop
hari	Hari	
nawaya sa ila panan-aw	Nawala sa paningn	
koyon	Putik na ginagamit sa paggawa ng banga o palayok	
sapa-sapa	Munting sapa	
danaw	Look	Kastila
Palasyo	Palasyo	
Rayna	Rayna	
Engknato	Engknato	Amerikano
Mainit Lake	Mainit Lake	

Ang Talahanayan 11 ay naglalahad kung kailan nagmula sa isang bersyon ang alamat ng Mainit Lake. Ang kabuuan ng alamat ay makikitang mula pa sa panahon bago dumating ang mga Kastila dahil sa agos ng kwento na mababasa ang Engkanto, Hari at Reyna. Ang mga salitang ito ay hiram na salita. Kung ang mga tawag sa mga panauhing ay Rajah, Datu, o Lakan, masasabing ang mga ito sana ay mula pa noong panahong wala pang mga mananakop. Kumbinsido si Juan Francisco, isang awtor na nagsaliksik ng mga alamat sa Pilipinas na marami sa mga maagang materyal ang malapit na may kaugnayan sa katutubong kapitbahay ng Timog-silangang Asya. Gaya ng mga wikang Indo-European, ang mga salita ay naiambag mula sa materyal na bagay o partikular na mga kaganapan na direktang ipinapahiwatig sa mga pandama o damdamin (Shipley, 1984).

12. Tinuy-an Falls

Maradjaw karadjaw Busay!

Ang istorya gikan pa sa unang panahon na konektado sa istorya nan gugma na may mga trahedya na panghitabo. Nagsugod ini sa pagkawaya sa isa ka babaje na nakahuya sa isa ka marajaw karajaw na tribo na soud sa kabukiran nan Bislig. Nagduda an mga kadaghanan na an babaje pasekreto na nuiban sa isa kalayaki. Tag testingan sija paghanap sa ija uyab na isa ka marajaw na bagani o manggugubat. Paghuman sa pipila ka adlaw na paghanap, naguol sija ug nagluja.

Ug jaon pa'y gajud mga pangutana na nusuyod sa ila mga tagsa-tagsa ka huna-huna. Tawo ba gajud sija? O basin isa sija ka enkantada na gihigugma nan isa ka bagsik karajaw na bagani? Samtang naghuyat an bagani, nagpakita sa ija ng mga timailhan nan grabe na kagul-anan sa ija tagbati na kalisud. Marajaw gani kay natan-aw nan ija mga kaiban na tag istorya nija an ija kaugalingun sa isa ka kuyba na paagi ug nutago sija sa isa ka baga na lasang.

Isa ka adlaw nakita sija nan ija mga kilaya na nukadtu sa busay sanan nukalit pagkawaya. Nakabati sila nan singgit gikan didto, nakabati sab sila nan pagkahuyog ug nakita nila ang patay na lawas ni bagani na nulutaw sa agas nan tubig. Nakita sa wayong nan bagani na malipajon sija. "Mao jadtu an ija tagpili, ug ija tinuyuan nga ihatag an ija kinabuhì para makita utro ang diwata sa ija marajaw karajaw na pinuy-anan." Amo na tagtawag jaon na lugar na "Tinuy-an" gikan sa sinultihan na "tinuyuan".

Talahanayan 12..

Mga Salita/Parirala ng Naratibong Tinuy-an Falls sa Lungsod ng Surigao na Naghuhudyat ng kasaysayan

Mga Piling Salita /Parirala	Wikang Filipino	Pinanggalingang Panahon Ayon sa Kasaysayan
Tinuy-an o tinuyuan	Pinagplanuhan o sinadya	Bago dumating ang mga mananakop
marajaw na bagani	Matikas na mandirigma	
Busay	Talon	
ija tinuyuan	Kanyang sinagya	
Mahiluwas kung dili magbanha	mas ligtas kung hindi maging maingay	
nukadtu sa busay sanan nukalit pagkawaya	Pumunta doon ngunit biglang Nawala	
Tinuy-an o tinuyuan	Pinagplanuhan o sinadya	
Busay	Daloy ng tubig	
Tubig gikas sa pangpang	tubig mula sa bangin	
Hagdan-hagdan nga falls	Handan-hagdang talon	
Ligyas	Madulas	Kasalukuyan
Di makalimtang lugar	Dimalilimutang pasyalan	
Pa-secreto	Palihim	
Testingan	Subukan	Amerikano
Tinuy-an Falls	Talon ng Tunuy-an	
Mga trahedya na panghitabo	Mga pangyayaring may sakuna	Kastila
sistema ng politiko	sistema ng politiko	

Ang Talahanayan 23 ay ang mga salita at pariralang kultural na naghuhudyat sa ating isipan kung anong panahon naganap ang naratibo. Gamit ang teoryang naratolohiya, binibigyan ng linaw ang pagsusuri ng pangyayari sa panitikan ayon sa tunay na naganap sa kasaysayan.

Ang salitang Tinuy-an ay nagmula sa salitang *Tinuyo-an*, isang katutubong Cebuano na ang ibig sabihin ay sinadya o pinagplanuhang mga hakbang upang makamit ang minimithing layunin- **intentional act or performance to attain an objective or goal**. Mula sa salitang payak na *tuyo* na ibig sabihin ay “sadya” o “intensyon”, ito ay ginitlapan ng *-in* at hinulapian ng *-an*. Sa wikang Sinugbuanong Binisaya, ang gitlaping *-in* ay isinisingit pagkatapos ng unang katinig ng payak na salita kung kaya ay mapapansin na sa salitang *tinuyuan*, ang kasunod ng katinig na *t* ay *i*. Ang pagsingit ng gitlaping *-in* ay naghuhudyat na ang bagong salitang nabuo ay ginagawa ayon sa paraan o asal na isinasaad ng salitang-ugat. Sa pagsingit ng gitlaping *-in*, ang payak na salitang tuyo ay naging tinuyo. Nangangahulagan na ang isang bagay ay ginawa ng sinadya o intensyunal. Habang ang hunlaping *-an* ay idinurugtong sa isang salita upang magpahayag na ang isang kilos ay ginawa sa isang tao o bagay (Hunter's Wood PH, 2021). Kaya ang salitang **tinuyuan** ay nangangahulugang isang kilos na sinadyang gawin sa isang tao o bagay.

Dahil na rin nagmula sa wikang Sinugbuanong Binisaya ang ipinangalan sa talon, ang wikang Kinamayo na siyang sinasalita ng mga taga-Bislig ay masasabi na mas may malapit na ugnayan sa wikang Sinugbuanong Binisaya kaysa sa Tagalog at Ingles. Ayon sa ulat ni Stone (2000), ang wikang Sinugbuanong Binisaya ay malawak na ginagamit at naiintindihan ng mga Kamayo. Idinagdag pa niya na ang kabuuan ng mga Kamayo at mga Cebuano ay

nagkakaintindihan sa parehong mga wikang Sinugbuanong Binisaya at Kinamayo kapag nakikipagtalastasan sa isa't isa.

Kung papansinin ang kanilang kultura at paraan ng pamumuhay, ito ay nangyari sa panahon na hindi pa dumarating ang mga mananakop na Kastila at laganap na laganap pa ang kakaibang paraan ng pagpili ng pinuno ng isang pamayanan at ang paniniwalang animismo sa kahit saang sulok ng Pilipinas. Kaya naman, itinampok sa alamat ng Tinuy-an Falls ang isang *marajaw na bagani* o manggugubat na lubos na umibig sa isang napakagandang babae. Ang pagiging *marajaw na bagani* o manggugubat ng lalaki ay nagsasaad na ito ay nangyari noong panahon na ang sistema ng politiko ng kanilang tribu ay hindi pa naimpluwensyahan ng dayuhang mga ideolohiya kaugnay ng pamamahala. Hindi tinatawag na *datu* ang kanilang pinuno kundi bilang *bagani* na siya ring ipinapantawag sa kanyang mga kinasasakupan (Garvan, 1931). Pinipili nila ang magiging punong “*bagani*” o sa Ingles ay nangangahulugang “*warrior*” sa batayang siya ay nakapatay na nang hindi bababa sa limang tao, mahusay sa pananalita, bihasa sa mga batas at kaugalian, makatarungan at mabait tungo sa mga miyembro ng tribu, at panghuli ang pagiging talaga ng mga diyos. Dito pumapasok ang paniniwalang mayroon sila noong wala pa ang mga mananakop na Kastila at ito ang paniniwalang animismo.

Ang paniniwalang animismo ay ang pinakaunang relihiyong naging pananampalataya ng kanilang mga ninuno. Ang terminong animismo ay tumutukoy sa kalipunan ng mga paniniwala at kultural na kaugaliang nakaangkla sa konsepto na ang mundo ay tahanan ng iba't ibang mabubuti at masasamang espiritu at iba pang hindi pangkaraniwan at mitolohikal na nilalang. Kaya naman, sa alamat ng Tinuy-an Falls, ang *marajaw na bagani* o manggugubat na sinasabi ay umibig ng lubos sa isang babae na hindi niya masiguro kung tao ba o *basin isa sija ka enkantada*. Ibig sabihin pa nito, nagtaka siya at nagduda na baka ito ay mula sa mundo ng mga hindi pangkaraniwan o engkanto. Ang salitang “*enkantada*” ay nangangahulugang “*diwata*”. Ito ay kabilang sa mga mitolohikal na nilalang na iginagalang at sinasamba ng kanilang mga ninuno. Nang dumating ang mga mananakop na Kastila, napuksa ang ganitong pananampalataya sabay sa paglaganap ng pananampalatayang Kristyanismo. Sa kasalukuyan, ang relihiyong Katoliko ang dominanteng relihiyon ng mga Kinamayo (NSO, 2000). Ang kanila ring sistema ng politika ay nabago sa pagdating ng mga mananakop na Amerikano na nagdulot ng mga moderno at sibilisadong nosyon tungkol sa hustisiya at estado ng kapangyarihan (Buenconsejo, 2002). Sa kabuuan, masasabing ang alamat ay nangyari noong hindi pa nakarating ang mga mananakop na dayuhan.

Bagaman may bakas ng pag-aalinlangan at pagkalito si bagani, sinundan niya pa rin ito doon sa masukal na gubat hanggang sa *nukadtu sa busay sanan nukalit pagkawaya* o nakarating sila sa talon at bigla na lamang itong naglaho. Ang salitang *Busay* ay tumutukoy sa daloy ng tubig mula sa bangin o mas kilala sa tawag na Talon. Si bagani ay sinundan ng kayang mga kaibigan. Narinig ng mga kaibigan niya na may sumigaw at nahulog nang tingnan nila *nakita nila ang patay*, ibig sabihin ay natagpuan nalang nila na wala ng buhay ang kaawa-awang kaibigan. Nabigla ang lahat sa hindi kapani-paniwalang sinapit na kamatayan ni bagani. Gayunpaman, nasilayan nila ang maaliwalas at masayang ekspresyon sa mukha nito. Na tila nagpapahiwatig lamang na inialay niya ang kanyang buhay alang-alang sa kanyang mahal. Ito ay nangangahulugan na ang mga trahedya na panghitabo ay *ija tinuyuan*, ibig sabihin na ang lahat ng mga *panghitabo* o pangyayari na ito ay bunga ng *ija tinuyuan* o pagkukusang-loob ni bagani. Sa madaling salita *Tinuyuan* ang nangyari, at dito nagmula ang pangalang TINUY-AN hangul sa *tinuyuan*. Totoo man o hindi, ipinasalinsalin din ng mga lokal na residente ang paniniwala na kapag bumibisita sa lugar, mas ligtas kung huwag mag-ingay dahil ito raw ay maaaring makapagpagalit sa mga kababalaghang nilalang na naninirahan malapit sa Tinuy-an Falls.

Napapatungkol sa apat (4) na panahon ng kasaysaysayn ang lokal na alamat ng Tinuy-an. Sa panahong bago dumating ang mga Kastila, ang mga salita ay naglalarawan sa alamat nga matikas na mandirigma. Ang mandirigma ay binibigyang halaga noong **pre-colonial** na panahon. Mapapansin rin ang mga salita tungkol sa kalikasan na walang halong Kastila o Ingles na naglalarawan sa pangyayari sa lugar.

Noong panahon naman ng Kastila, ang mga pariralang trahedya at sistema ng politiko ay nahiram mula sa kanila. Sa panahong ito, ang mga Pilipino ay inaapi ng mga opisyal at prayle. Kahit na may sarili silang pamantayan ng pamumuno, pinilit na ipinatupad sa kanila ang sistema ng politiko mula kanluran.

Sa panahon ng Amerikano, ang ginawa nila ay pinag-isa ang wikang Ingles sa pangalan ng lugar upang maging madali para sa kanila na kilalanin kung anong anyong tubig ang Tinuy-an.

Sa kasalukuyan naman, nilapatan ng hulapi o unlapi ang salitang Ingles upang ito ay magtunog Filipino. Ang mga salitang ito ay “testingan” at “pa-sekreto”. Ang pag-uugnay ng wika ay hindi lamang tungkol sa wika. Umaabot ito sa isang buong kumplikadong set ng sosyolohiya at kasaysayan na katangian ng buhay sa pag-uugnay ng mga komunidad ng mga gumagamit ng wika. Ito ay isang puwang ng **linguistic** pati na rin ang sosyolohikal na **reproduction** at pagbabago (Mikahira & Rodriguez, 2020).

Buod

Iba-iba ang uri ng labing-isang (11) naratibo ng mga pook-panturismo sa buong lalawigan ng Surigao- Surigao del Norte, Surigao del Sur at ang kabisera na Surigao City: Enchanted River, Laswitan, Britania, Cloud 9, Magpupungko, Sohotoon, Maasin, Mabua, Mainit, at Tinuy-an.

Malilirip ng diwa na ang lahat ng naratibo sa Surigao del Sur ay nababalutan ng romansa o pag-ibig, samantalang ang iba pang bahagi ng lalawigan ay patungkol sa “**traveller’s notes**” o mga pagmamasiid ng isang manlalakbay, tala ng karanasan at daplis ng hiwaga ng buhay.

Sa kabuuan, bahagi ng karaniwang buhay ng tao ang mga paksa ng mga naratibo. Ipinakikita sa mga ito kung gaano kahalaga ang pag-ibig, pamilya at pakikipag-ulayaw sa dagat, lawa, ilog, bukal o anupamang bahaging tubig ng kalikasan ang isang Surigaonon. Hindi maitatangi na nilikhang para sa mga pook na katabi o karatig-dagat ang lahing ito na kabilang sa matandang kasaysayan na angkan ng Malayo-Polinesia at ang taglay na wika ay kilalang Austonesian na mga wika tulad ng Laos, Burma, Cambodia, Malaysia, Indonesia at iba pang panig ng Timog-silangang Asya.

Ang mga salita at pariralang kultural na Sinurigaon ay sintunog at baybay ng mga salita sa angkan ng Austronesia na mga wika. Bagaman, hindi magkatulad na magkatulad ang kahulugan, masasabi rin namang kahawig o magkalapit lamang. Halimbawa nito ang morpemang /jao/ na sa wikang Laos ay maaaring mangahulugang “**you**” o “**yes**” o “**you are the one**” kung ihahambing sa pariralang *maradjaw karadjaw* na nangangahulugang “**all the best for you**” ay malinaw na may mangyayaring pagkakaunawaan.

Kapansin-pansin ito sa labing-isang (11) naratibo ng pook-panturismo sa Surigao ang ponemang /j/ sa dalawahang pantig na salita gaya ng *ija, jao, nija, ija, sija, jaon, jadtu, gajud*; tatluhang pantig na salita gaya ng *babaje, magdajun, malajo, nagpudjo, tagsujop*; apatang pantig na salita gaya ng *pijangga, kinaijaha, malipajon, nabantajan, madjutok, pagkalajo* at napuna rin ito sa mga pariralang *magjagan-jagan, jaon na kadagatan, hain jai* at ang pamosong *maradjaw karadjaw* sa unahan, gitna o saan mang bahagi ng lahat ng naratibo. Masasabi ng mananaliksik na ang *Maradjaw Karadjaw!* (All the very best!) ay repleksyon ng mayamang kultura at matining na pananampalataya sa Diyos ng mga Surigaonon na nahirati na sa paglaban sa maraming pagsubok ng kalikasan dahil sa geograpikal na lokasyon ng lalawigan na nakaharap na nakakalawak at napakalalim na dagat Pasipiko sa timog ng Pilipinas.

Kapag ang usapin ay tungkol sa kahulugan kultural at kasaysayan o ang mas malalim na antas ng kahulugan na higit pa sa literal nitong ipinaunawa, tanging ang mga kaanib lamang ng tribu ang nakakaalam at hindi kasali ang mga taga-labas ng pamilyang wika, ang parirala o nakamihansang ekspresyon tulad ng pagbati na “*maradjaw karadjaw*” ay may malalim na pinaghuhugutan ng kahulugan ang Surigaonon. Ito ay ang napakatandang kasaysayan ng ugnayang pangwika na matutunton sa napakalayong panahon ng daigdig noong unang siglo sa pagkatatag ng Dinastiya ng Funan sa dulong silangan ng Cambodia. Ang emperyong ito ang una ring yumakap ng Hindunismo sa timog silangang asya na ngayon ay pangunahing pananampalataya sa Vietnam, Laos, Thailand, Indonesia, Malaysia at Singapore. Ang Funan katulad ng iba pang kapitbansa ay naimpluwensyahan naman nang labis ng kultura ng India. Sa kros komunikasyon sa mga karatig na bansa, ang pagkakahalu-halo ng mga salita ay di naiiwasan kaya madaling nagkakaintindihan ang iba-ibang lahi kahit sa mga tunog lamang. Ang pakikipag-ugnayang pagkomunikasyon ay

lalong lumawak sa panahon ng ika-13 siglo nang naging sentro ng komersyo ang Jolo sa isla ng Sulu. Naganap ito sa panahon ng emperyo ng Madjapahit na lalong nagpakalat ng mga wika sa timog silangang asya kabilang na ang Indonesia. Ang pinakadominanteng wika noon ay ang Lao na mula sa hilagang silangan ng Thailand. Ang tunog /dyaw/ ay sintunog ng /jao/ ng wikang Laos na nagangahulugang “ikaw” o “oo”. Kapuna-punang magkaugnay ang kahulugan ng maradjaw kaaradyaw na “lahat na pinakamabuti ang hangad para sa iyo”. Kahit pa naglaho ang emperyong Madjapahit noong 1364, lalong sumigla ang komersyo sa mga kaharian sa tabi ng mga dagat. Sa Pilipinas, ang mga mangangalakal sa Jolo ay naging palagian ding bisita ng taga Mindanao, sa Butuan at iba pang lalawigan. Marahil sa mga naging paglalakbay ng mga ito, napadpad ang mga kanunununuan ng tribong Surigao dala ang kanilang wikang sinurigaanon.

Noong unang panahon ayon sa kwento-kwento ng mga taga Laswitan, Cortes Surigao del Sur ang higitang limestone ng Laswitan Lagoon ang nagsilbing taguan ng mga Pilipino noong panahon ng mga Hapon. Ang Laswitan Lagoon ay matatagpuan sa Barangay Madrelino, Cortes, Surigao Del Sur. Ang Laswitan Falls at Lagoon sa Cortes, Surigao del Sur, ay nakapa pambihira. Napakabihira lamang ang uri nito na matatagpuan sa Timog-silangang Asya. Ang kagandahan ng lugar ay nagsisimula sa lagoon, isang natural na palanggana sa tabi mismo ng baybayin, na pinaghihiwalay mula sa karagatan ng mga kamangha-manghang pormasyon ng bato na nakapaloob dito. Parang may swimming pool sa karagatan. At sa katunayan, ang lugar na ito ay naging pangunahing seksyon kung saan ang mga bisita ay lumalangoy upang magpalamig. Maganda ang pagkakagawa ng kalikasan, ang lagoon mismo ay sapat na dahilan para bisitahin. Ngunit ang higit na nagpapaespesyal sa lugar ay ang paraan ng paghampas ng malalakas na alon mula sa karagatan sa bato. Ang mga alon mula sa karagatan ay napakalakas kaya nagagawa nilang umakyat sa ibabaw ng 20-talampakang mga rock formation, bumababa sa gilid ng lagoon, na lumilikha ng epekto ng mga talon. Ito ay isang showstopper mula sa mataas na lugar ng mga taong lumalangoy sa lagoon, o kahit na ang mga nakatayo lang sa tabi ng baybayin. May kakaibang bagay (at medyo nakakatakot pa nga) sa tunog ng rumaragasang alon mula sa karagatan, na tumatama sa mga siglong gulang na bato, para lang dinala ng hangin ang tubig na mas mataas pa sa hangin (halos 50-60 talampakan ang taas), at muling bumaba kung saan sila nanggaling.

Ang Laswitan Lagoon ay nasa parte na ng Pacific Ocean. Ang lugar ay angkop na pinangalanan. Ang Laswitan, kung tutuusin, ay nagmula sa salitang Bisaya, "laswit," na isinalin sa "tubig dagat na humahampas sa mga bato" lalo na sa panahon ng Amihan, lumilikha ito ng malalaking alon na sasabog sa mga bato at lumilikha ng talon dahil sa malakas ng hampas ng tubig nito. Kadalasang nasa Oktubre hanggang Disyembre ang malakas na pagtalsik o pag laswit ng malakas na alon kung kailan malakas din ang hangin mula sa Pacific Ocean. Ang lagoon sa ibaba ng rock formation ay napakalaki na kaya nitong magkasya ng hanggang 200 katao - marahil ay higit pa! Ang mga turistang bumibisita sa lugar ay maaaring lumangoy sa mga pool na ito at mawiwisik ang kanilang sarili ng tubig dagat na nagmumula sa kabilang panig. Ang lagoon ay may malalim na bahagi kung saan masisiyahan ang mga manlalangoy ngunit mayroon ding mababaw na lugar na maaaring lumangoy ng ibang tao.

Ayon din sa kwento ni Mang Abudancio Sanchez na bago pa ito nadiskubre ng mga biyahero simpleng lugar lang daw ang Laswitan kung saan sila nag pi-piknik ng kanyang mga kaibigan at dati daw nila itong tambayan. At hindi nagtagal ay na diskubre na ng mga turista ang kanilang lihim kaya katulad ng inasahan nagsimula nag dumagsa ang mga turista sa Laswitan Lagoon, Cortes, Surigao del Sur.

2.3 Surigao del Sur.

Kakikikitaan sa Talahanayan 1 ng talaan ng mga pook panturismo ng Surigao del Sur isa rito ang **Tinuy-an Falls** ang Tinuy-an Falls ay isang talon na matatagpuan sa Borboanan, Bislig City, Surigao del Sur. Ito ay ang main tourist attraction sa Bislig, isang siyudad na kilala bilang Booming City by the Bay. Ang talon ay may habang 95m at taas na 55m (180 ft), binansagan bilang "Little Niagara Falls". Ang Tinuy-an ay isang puting kurtina ng tubig na dumadaloy sa tatlong baitang at sinasabing pinakamalawak na talon sa Pilipina (carloandjessica.wordpress.com). Sa naratibo/salaysay, isinasaad na ang ay may sa isang alamat, may mga masasama at malupit na tribo na naninirahan sa kabundukan ng Agusan na nagpakulong sa mga naninirahan sa Bundok Magdiwata nasa mga linya gaya ng naratibo/salaysay sa ibaba:

6. TINUY-AN FALLS



Ang Tinuy-an Falls makit an sa Bislig City, Surigao del Sur. Ini ang pinaka madayaw na lami tan awon sa mga bisita sa Bislig City, yakila ini na Booming City by the Bay. Ini ang pinakabadihi hamoki nga tan-awnon nag awas-awas na busay sa Pilipinas na makit-an ilawom pasingud rainforest ng Bislig sa Barangay Burboanan, Surigao del Sur ng Mindanao. Nagtipon ini ng makadaot piro dayigonon na matin-aw na busay gikan sa rainforest sa Agusan del Sur. Na aroy kabadihi na taas 55 metro kataas o (180.4 kagin-an) ug lapadi na sukod 95 metro o (312 kagin-an).

Dumdum sa istorya, na aroy daotan na mga otaw naghuya sa budan ng Agusan na nagpreso sa mga otaw nga naghuya sa bud Magdiwata. Idtong isa ka adlaw, ang kana-an mga ulipon yapugos paghimo sa trabahong bug-at, yapugos pagkuha ng mga baboy ihas, paghinang ng gamay nga sakyanan sa dagat ngaran na baroto, gahinang ng mga baroto sa kanirang amo. Kadto nga adlaw, samtang gibugsay ang gisakyan niran yang gamay na baroto gagihud ang kanirang mga amo nga dautan nagsabot kaniran mga ulipon ug gituyo ngiran pagbugsay pasingod sa tumoy sa busay. Yakagtang ang baroto sa pangpang sa busay amoy ikapatayan sa kanirang pinakadautan na amo. Ini ang hinungdan sa ngaran sa busay. Ang tuyo sa mga ulipon nga patyon ang mga amo nila nga dautan.

Aron pay isa ka istorya nga gikan sa kagikanang panahon sa ngaran ng Tinuy-an Falls ,galaong ang ngaran naan sigo sa bayho sa lugar. Kanaan na istorya nagpabilin na ang porma sa hagdan-hagdan na bato sa lugar,nagsugilon nga gituyo paghinang ang mga bato sa alima na diri makit—an.

Tong 2005, gikumpara ang Tinuy-an Falls sa Niagara Falls ng Canada kay tungod sa kapariha ng hitsura sini nga makit-an nga aroy bangaw mogawas sa tunga ng 9 sa adlaw hangtod sa 11 sa adlaw nga aroy puti yatabon sa babaw sa tubig nga nag-agas sa tulo ka hagdan hagdan ug aroy ikaupat na hagdan dili makit-an.

Sa laong pa ng Tourism Office ng Bislig ug Manobo Tribal Council ang Tinuy-an Falls ay isa sa ilado na Co-Management Tourism na ang tumong maingganyo ang mga turista o mangdayuhay na manlaag o mobisita sa lugar pamaagi sa social media o magpadayag mga hulagway sa FB page para yakit-an ang kadayaw ug kaanindot ng Tinuy-an Falls kanato kaugalingon lugar sa bansang Pilipinas.

SALIN:

Ang Tinuy-an Falls ay matatagpuan sa Bislig City, Surigao del Sur. Ito ay isa sa mga pinakamahusay na atraksyong panturista sa Bislig City, na kilala bilang Booming City by the Bay. Ito ay ang pinakamalawak, multi-level na talon sa Pilipinas na matatagpuan malalim patungo sa rainforest ng Bislig sa Barangay Burboanan, Surigao del Sur ng Mindanao. Nagtatampok ito ng mapanira ngunit kahanga-hangang malinaw na talon na nagmumula sa rainforest na naghihiwalay sa Surigao del Sur at Agusan del Sur. Na may kabuuang taas na 55 metro (180.4 ft) at lapad na 95 metro o 312 talampakan.

Batay sa isang alamat, may mga masasama at malupit na tribo na naninirahan sa kabundukan ng Agusan na nagpakulong sa mga naninirahan sa Bundok Magdiwata. Isang araw, ang mga alipin ay napilitang gumawa ng mabibigat na gawain tulad ng pangangaso, paggawa ng maliliit na bangka na tinatawag na baroto, at paggaod ng mga baroto para sa kanilang mga amo. Noong araw na iyon, habang sinasagwan ang maliliit na bangka kasama ang kanilang

malupit na mga amo, nag-alsa ang mga alipin at sinadyang sumagwan patungo sa hangganan ng talon. Nahulog ang Bangka sa bangin ng talon at nagresulta ito sa pagpatay sa malupit nilang amo. Ito ay kung paano nabuo ang pangalan ng talon. Ang nilalayon na layunin ng mga alipin na patayin ang mga amo.

Ang isa pang kuwento ng ugat na pangalan ng ugat na pangalan ng Tinuy-an Falls ay nagsabi na ang pangalan nito ay nagmula sa hitsura nito. Ang bersyon na ito ay nagpapanatili na ang multi-tiered riverbed ng mga bato ay nagpapakita na sadyang nilikha ng isang hindi nakikitang kamay.

Noong 2005, hinango ang Tinuy-an Falls sa Niagara Falls ng Canada dahil sa pagkakahalintulad nito na nagpapakita ng bahaghari sa pagitan ng 9 an hanggang 11 am na may puting tabing ng tubig na umaagos sa tatlong antas na may ikaapat na baiting na hindi nakikita.

Ayon sa Tourism Office ng Bislig at Manobo Tribal Council ang Tinuy-an Falls ay isang ganap na co – management tourism na naglalayon na mahikayat ang mga turista sa pamamagitan ng social media na tangkilikin ang mga magagandang tanawin na nasa sarili nating bansang Pilipinas.

Isa pang bersiyong ng naratibo:

Isang kwento ng pagmamalabis ng kapangyarihan at lakas naman ang inilalarawan ng naratibo sa *Sugilanon ng Tinuyo-an*. Inilarawan dito ang pangyayari kaugnay sa pagmamalupit ng tribung taga-Agusan sa mga mamamayan na naninirahan sa Magdiwata. Minamaltrato ang mga Magdiwata ng malupit na pinuno ng nasabing tribu at binigyan ng mga mahihirap na gawain.

Dahil sa labis na kasamaan at pang-aabuso ng pinuno hindi lang sa kanila kundi sa inang kalikasan, nagkakaisa ang mga matatapang na mga mamamayan ng Magdiwata. Ginamit nila ang kapangyarihan ng tubig upang masupil ang pang-aapi sa kanila ng mga nasabing tribu, sinadya nilang lunurin ang mapang-aping mga pinuno nang tumalon sila mula sa gakit na sinakyan ng mga ito at itinulak papunta sa talon.

3. Siargao Island.

Kakikikitaan sa Talahanayan 1 ng talaan ng mga pook panturismo ng Surigao del Sur isa rito ang Cloud 9 ayon sa paglalakbay ni Lhorence Sucano ay isa ang Cloud 9 sa pinakasikat na surfing spot sa Pilipinas na matatagpuan rin sa Siargao. Namangha ako sa laki ng mga alon, lalo na't ito ang pinaka-unang pinuntahan kong surfing spot. Plano ko sanang maligo, ngunit nadismaya ako dahil kati na ang dagat tuwing hapon, at dagdag pa rito ang mabatong dalampasigan na maaring makakasugat sa aking katawan. Ngunit sa kabila ng lahat, ang lugar ay punung-puno parin ng mga dayuhang nagpla-planong magsurfing sa malalaking alon. Hindi rin naman nasayang ang pagpunta ko dahil bukod pa sa mga alon, ang tanawin rin ng dagat at ng mga islang malapit sa Siargao ang nagpapaganda sa Cloud 9. Sa naratibo/salaysay, isinasaad na ang Cloud 9, kasama ang Siargao ay patuloy na kinilala bilang tahanan ng isa sa nangungunang sampung (10) surfing sa mundo. Ang turismo sa lugar ay lumago, nasa mga linya gaya ng naratibo/salaysay sa ibaba:

7. CLOUD 9



Nailado kuman na isa sa nag una na surfinganan na lugar dinhi sa Pilipinas, an Siargao Island. Ini makita nato sa amihanang parti nan Surigao del Norte. Isa ini ka Paraiso na destinasyon para sa mga bakasyonista, ma pobre o dato man. An Isla nan Siargao suod sa Kadagatan nan Pasipiko (Pacific Ocean) na amo'y hinungdan nan mga dagko na bayod pasingud sa kabaybajonan. Ugsa man, dinhi nagsugod an tanan na natawag na "Surfing Capital of the Philippines" an Siargao Island.

Nagsugod inin tanan sa tuig na 1980 na may nakaabot sa isla na duha (2) katurista, sila ni Tony Arruza at Steve Jones. Samtang sila naghanap nan Insakto na kadakuon na bayod o "Perfect Waves", nakita nila ini sa Kadagatan sa Munisipyo nan Heneral Luna, tagngayanan nila ini na "Jacking horse". An ila nadiskubre na insakto nakadakuon na bayod o "Perfect Waves", isa na ini kailado sa tibook nasod na tagtawag na "Cloud 9", na dili maikumpara sa iban na lugar an kagana nan isla.

Jaon na mga panahon, dili pa ilado na surojanan ng mga turista ang isla nan Siargao. Mga pipila ra ka mga surfers o magduwaay nan bayod ang nakahibayo sa ini na lugar. Isa na didto ang surfer na si Max Walker, isa ka ilado na tawo tungod kay sija ang nagtukod nan mga Surfing Camp sa tibuok Habagatan-Sidlakang Asya sa waya pa sija mapatay. Ini nahimo na paagi sa nagkahamok an nakabati sanan nakadungog bahin sa Isla nan Siargao.

Sa kadugajan, sa tuig 1992, an isla nan Siargao nalakip sa mapa na may magana na mga bayod, tungod sa isa ka ilado na surfing photographer na si John Callana, na amo'y nagkuha nan mga hulagway, diin tagpakita an mga sikat na surfers na sila John Slater, Taylor Knox, sanan Kevin Davidson na nagduwa sa mga dagko na bayod sa Cloud 9. An istorya makita sa isa ka magazine na niabot sa tibook nasod.

Tungod sa kausaban, ang Cloud 9 nahimong mas ilado na surojanan sa mga katawhan gikan sa nagkalain-lain nasod. Sukad nan jadt, nakuha ng Munisipyo nan Heneral Luna an lugar na isa sa nag-una na surfingan dinhi sa tibook Pilipinas. Jaoy pa hamok lain surfinganan na lugar an nadiskubre sanan gipangayanan, an iban jadt sa amihanang parte nan lungsod, isa na didto an Tuason Point, Ventura, Tuesday Rock sanan Pilar Point. Tungod dinhi, andam permi an Siargao para sa mga turista na gusto musuroy sa maganan na palibot sanan mutisting pagsurfing sa mga dagkong bayod hilabina sa mga surfers gikan sa lain lugar na hilig magsurfing para sa pagsulay nan kakusog sa bayod depende sa lebel sa kasinatian.

Sa kada pista sa lungsod nan Heneral Luna, buyan nan Setyembre, an pareho na buyan sa Natyonal sanan Internayonsal na mga kompetisyon sa surfing. Diin ini isa ka marajaw na panahon sa pagtan-aw sanan masaksikan an mga dakong mga bayod sa Cloud 9.

Ang Cloud 9, apil an Siargao nagpadajon na iladong surujanan nan isa sa nag una sa napuyo na surfinganan sa tibook nasod. An turismo nan lugay nagpadajon sa paglambo tungod kay gipahimuslan nan mga lokal an pagnegosyo sa turismo na amoy basehanan sanan hinugdan sa pagtaas sa pagkailado sa Lungsod nan Heneral Luna, sama sa paghamok nan mga resort o puyhanan, restawran at tindahan, pagtudlo nan surfing(surf lesson), bangkero, tagagiya sa turismo (tour guide), panagat, pagkuha nan kinhasan sanan tuba sa kapun-an nan lubi, lakip sab an mang-uma, mamanday, manhilot, sanan mang-uling (coal). Nagsugod sab sa pagpalamo sa paghamok nan mga aktibidades na may kalabotan sa tubig. Isa na didto an paglawig, kayak, at kite surfing. Pipila sa mga isla suod sa Lungsod nan Heneral Luna sama sa Isla nan Daku sanan Guyam na may magana na mga destinasyon alang sa diving spot tungod kay puno ini nan bahandi sa kadagatan.

Sa kuman, an kultura na surfing sa Siargao nagpabilin na buhi, ilado sanan mas nutaas. Jaoy nagkalain-lain na surfing kompetisyon ang gipahigayon diri kada tuig. An Siargao Surfing Cup Competition gitawag na isa sa pinakadako na internasyonal sport event sa Pilipinas. Mapasigarbohon ang pusong Pilipino an pagkamaabiabihon sanan pagkamahigayaon sa bisan sin o, sanan malipajon nilang gipaambit sa lain na mga kultur asana tradisyon.

An mga lumulupyo nan Lungsod kasagaran nagsulti nan lumad na diyalekto, Surigaonon, pero nakasabot sab sila sa English sanan Tagalog. Tungod sa turismo ,hamok mga ekspresyon ang nahimu sana taggamit hangtod kuman sa bisan hae na parte nan Lungsod. Sama sa “Pagsure-oy, OMG,larlar at iba pa. Jaoy sab ila mga tinuohan sa tawo dinhi sa Lungsod nan Heneral Luna na hangtod kuman buhi sanan nagpabilin gihapon sama sa Tikyabang na sa kabuyan ra mugawas, an tagbawal manilhig sanan maligo pagduyom, sanan an “pagpag”.

Sigurado, an istorya nan Cloud 9 sa Siargao sanan an turismo nagpadajon sa pagkailado sanan paglambo samtang an mga lokal sanan turista nagpadajon isab sa kauswagan. Gisuportahan na kuman an industriya sa turismo tungod kay mas dako sanan sulit sa badyet pati na an mga puy anan o hotel pati na isab an mga lokal sanan internasyonal na kana nan peru waya’y gihapon makalabaw sanan makapildi sa mismong atrkasyon sa Siargao., ini ang Surfinganan sa Cloud 9.

SALIN:

Kilala ngayon bilang isa sa mga nangungunang destinasyon sa Surfing dito sa Pilipinas ang Siargao Island. Kung saan ito ay matatagpuan sa kanluran bahagi ng Surigao del Norte (800 km mula sa Maynila). Isa itong Paraiso na destinasyon para sa mga bakasyunista mula sa lahat ng antas ng pamumuhay. Ang Siargao ay malapit sa Karagatang Pasipiko (Pacific Ocean) na mayroong dalang malalaking alon patungong dalampasigan. Kung kaya’t dito nagsimula ang lahat at tinawag itong “Surfing Capital of the Philippines”.

Nagsimula ang lahat noong 1980 nang dumating sa isla ang dalawang dayuhan na sina Tony Arruza at Steve Jones. Sa kanilang paghahanap para sa perpektong alon o “Perfect Waves”, natagpuan nila sa loob ng munisipalidad ng Heneral Luna at tinawag nila itong “Jacking Horse”. Ang kanilang na diskubreng perpektong alon ay talaga namang kilala na ng karamihan sa mga tao ngayon bilang “Cloud 9” at hindi maikukumpara sa ibang lugar ang kagandahan nito.

Noong panahong iyon, hindi pa naging sikat na destinasyon ng mga turista ang Siargao. Mga iilan pa ring surfers ang nakakaalam sa lugar na iyon. Kabilang sa kanila ang isang Surfer na nagngangalang Max Walker, na kilala bilang nagtatag ng maraming Surfing Camp sa buong Southeast Asia bago pa siya namatay. Naging daan ito sa parami ng parami ang nakakarinig tungkol sa Siargao.

Di kalaunan, nang taong 1992, ang Siargao ay napabilang sa mapa na may mga magagandang alon, dahil sa isang sikat na surfing photographer na nagngangalang John Callaha, na siyang kumuha ng mga larawan kung saan itinampok ang sikat na surfers na sina John Slater, Taylor Knox, at Kevin Davidson na naglalaro sa malalaking alon sa Cloud 9. Ang kuwento ay naipublish sa isang magazine na kumalat sa buong mundo.

Dahil sa pagbabagong ito, ang Cloud 9 ay napasikat kaya ang mga surfers mula sa iba't ibang panig ng mundo ay sumugod sa destinasyon. Mula noon, nakuha ng bayan ng Heneral Luna ang lugar na ito bilang isa sa mga nangungunang destinasyon sa Surfing dito sa Pilipinas. Mayroon ding maraming iba pang mga surfing area ang natuklasan at naitatag at pinangalanan, ang iba ay nasa hilaga ng bayan, kabilang ang Tuason Point, Ventura, Tuesday Rock at Pilar Point. Dahil dito, nagging bukas ang Siargao sa mas maraming turista ang dadayo at susubok ng surfing o di kaya'y tatanaw sa ganda nitong lugar. Mayroon ding mga surfers na gustong maglaro at masubukan ang mga alon sa iba't ibang intensidad depende sa aas ng karanasan at personal na kagustuhan ng surfer.

Ang Cloud 9, kasama ang Siargao ay patuloy na kinilala bilang tahanan ng isa sa nangungunang sampung (10) surfing sa mundo. Ang turismo sa lugar ay lumago. Dahil sinamantala ng mga lokal sa pagnenegosyo sa turismo na siyang batayan sa pagtaas na katanyagan ng Bayan ng Heneral Luna at nagsimulang din bumuo ng maraming aktibidad na nauugnay sa tubig. Isa na ditto ang paglalayag, kayak, at kite surfing. Ang ilan sa mga isla na malapit lang sa Heneral Luna, tulad ng Daku at Guyam Island ay magagandang destinasyon para sa diving spot dahil puno ang mga ito ng yaman ng karagatan.

Sa ngayon, ang kultura ng surfing sa Siargao ay buhay na buhay at lumalaki, May iba't ibang surfing competition na ginaganap ditto taon-taon. Ang Siargao Surfing Cup Competition ay tinaguriang isa sa pinakamalaking international sporting event sa Pilipinas. Maipagmamalaki ang pusong Pilipino ay may mabuting pakikitungo at palakaibigan, at masaya silang nagbabahagi ng kanilang kultura at tradisyon.

Karaniwang nagsasalita sila ng katutubong diyalekto, Surigaonon, ngunit naiintindihan din nila ang parehong Ingles at Filipino. Sa tuwing Kapistahan ng Heneral Luna, na gaganapin sa buwan ng Setyembre, ang parehong buwan ng Pambansa at internasyonal na mga kompetinsyon sa surfing. Kung saan ito ang isang magandang panahon upang bisitahin ang naglalakihang alon sa Cloud 9.

Tiyak, ang kuwento ng Cloud 9 sa Siargao at ang turismo nito ay patuloy na lumalago habang ang mga lokal at turista ay patuloy na umuunlad. Sinusuportahan na ngayon ng industriya ng turismo ang malawak at mas sulit o swak sa budget pati na ang mga luxury hotel nito. Gayun din ang mga lokal at international na kainan ngunit wala parin tatalo sa mismong atraksyon ng Siargao, iyon ay ang Surfing sa Cloud 9.

3.1 Siargao Island.

Kakikikitaan sa Talahanayan 1 ng talaan ng mga pook panturismo ng Surigao del Sur isa rito ang Maasin River ang lugar na ito ay pinaka-tanyag para sa kanyang kaakit-akit ilog, lalo na ang lugar na may basag na puno ng niyog na karaniwang makikita mo sa isang Siargao travel brochure. May lubid na nakakabit sa puno kung saan maaari kang ugoy at plunge sa 6-ft. malalim na ilog. Sa naratibo/salaysay, isinasaad na ang Maasin River ay kilala sa kasaganaan ng mga produkto mula sa root crops, gulay, prutas at aqua marine products tulad ng alimango, hipon at bangus fish cultured, nasa mga linya gaya ng naratibo/salaysay sa ibaba:

8. MAASIN RIVER



Adton tuig 1928, nabuo an isa ka komunidad na may 20 kabayay na tagkilay-an sa ngayan na Sitio Ujog na apil sa munisipalidad nan Dapa, Surigao del Norte. Pagkahuman nan Ikaduha na gera sa kalibutan, tagtukod an simbahan nan Aglipay (IFI) an pinakauna na relihiyon sa sitio ujog, jaoy isa ka elementarya, grade 1 sanan 2 na eskwelahan.

Tuig 1951, nahimo na Mayor si Vicente Rocolcol nan lungsod nan Dapa, Si Teneyente del Barrio Hipolita C. Luego, an naglaong na bag-ohon an ngayan nan Sitio Ujog sa Sitio Maasin. An Maasin na ngayan tagkuha sa sulti na ASIN, tungod kay an sitio tagpalibutan man nan maasin na tubig sanan dako na kabakhawan.

Adton Oktubre 31, 1953, nahimo an lungsod nan Pilar. Isa an Sitio Maasin na apil sa mga barangay sa lungsod nan Pilar. Unsa nahimo an Baryo Maasin, Pilar, Surigao del Norte.

An Baryo Maasin kay makita sa amihanan nan Pilar, sidlakan nan General Luna, habagatan nan Dapa, sanan subangan nan Del Carmen. Ini na barrio jaoy sukod 4.964 ektarya, isa ka agricultural lapu na jaoy sukod na 2.056 ektarya sanan jaoy 4.5 kakilometro na kabakhawan na sumpay sa silingan na mga barrio sanan jaoy tropical na panahon.

An Baryo tagkilay-an na hamok mga produkto sama sa mga duma, gulay, prutas sanan aqua marine product sama sa alimango, hipon sanan bangus. Kasagaran sa mga tawo sa barrio Maasin kay nagsalig sa pangopras nan lubi. Sa pag-abot sa teknolohiya, naghanap nan lain panginabuhì sama sa pagtinda, habal-habal, sanan mga multicab na pamasaheroan. An iban tawo kay panday sanan jaoy nay kaugalingon negosyo.

Nolabay an tuig, nolambo an Baryo Maasin nahimo ini na progresibo na baryo. Nosikat an baryo tungod sa baliko na lubi na jaon dapit sa suba na tagtawag sa una na "LITIK". Nahibaw-an an suba nan Maasin tungod kay Kenneth E. Gonzales "Enot" sa ija angga. Nakuha an atensyon nan isa ka turista. Tungod sa ija pagpanik sa punoan tapus paglaybrog gamit an pisi. Pagkakita nan turista ija Dajon tagkuhaan nan litrato sunod ija tagpost an litrato sa social media.

Kadugajan hamok na mga turista an nagpapiicture sanan nokatkat sa punoan sa lubi. Sa kuman, an Maasin River isa sa tagkuhaan nan pondo sa baryo tungod sa mga bayad sa entrance sa mga turista sanan sa mga bayad sa rent sa baruto.

Sa pagkakuman, an Baryo Maasin nadiskubre pag-isan, ikaduha sa pinakadako sanan progresibo na baryo sa Lunsod nan Pilar.

SALIN:

Noong taong 1928, nabuo ang isang komunidad ng 20 kabahayan na kilala bilang Sitio Ujog na naging bahagi ng munisipalidad ng Dapa, Surigao del Norte. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, itinayo ang simbahan ng Aglipay (IFI) ang pangunahing relihiyon nito, isang elementarya, grade 1-2 na may isang gusaling silid.

Noong 1951, hinirang ni Mayor Vicente Rocolcol ng munisipalidad ng Dapa, si Tenyente del Barrio Hipolita C. Luego, na nagmungkahi na baguhin ang pangalan ng Sitio Ujog sa Sitio Maasin. Ang Maasin ay isang salita na literal na nangangahulugang ASIN, hango sa katotohanan na ang lugar ay napapaligiran ng maalat na tubig at malalawak na bakawan.

Noong Oktubre 31, 1953, nilikha ang munisipalidad ng Pilar. Pinangalanan ang Sitio Maasin bilang isa sa mga magiging barangay na bubuo sa bagong likhang bayan. Kaya naman, binuo ang Barangay Maasin ng Pilar, Surigao del Norte.

Ang Barangay Maasin ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Pilar, silangang bahagi ng General Luna, Timog bahagi ng Dapa, at kanlurang bahagi ng Del Carmen. Ito ay may kabuuang sukat ng lupain na 4.964 ektarya, isang agricultural land area na 2.056 ektarya at 4.5 kilometrong bakawan na konektado sa karatig barangay ng Mabini at may klimang tropikal na katulad ng lalawigan ng Surigao del Norte.

Ang barangay ay kilala sa kasaganaan ng mga produkto mula sa root crops, gulay, prutas at aqua marine products tulad ng alimango, hipon at bangus fish cultured. Karamihan sa mga tao ay umaasa sa produksyon ng kopra para sa kanilang pamumuhay. Gayunpaman, sa pagkakaroon ng bagong teknolohiya, ang mga taga barangay Maasin ay tumitingin sa iba pang pinagmumulan ng pang-ekonomiyang tulad ng pagmamay-ari ng mga rehistradong sari-sari store, pagpapatakbo ng mga motorsiklo (habal-habal) at maging ng mga multicab, ang iba ay nagtatrabaho bilang mga karpintero at pagkakaroon ng negosyong kasangkapan.

Lumipas ang mga taon, umunlad ang Barangay Maasin at naging progresibong barangay. Naging tanyag ang kanilang barangay dahil sa baluktot na puno ng niyog sa tabi ng ilog ng Maasin na ang dating tawag ay "LITIK". Nadiskubre ang maasin river dahil kay Kenneth E. Gonzales "Enot". Nakuha ang atensyon ng isang turista dahil sa ginawang pag-akyat sa puno at umindayog bago tumalon sa ilog. Pagkatapos makita ng turista ay kinunan ito ng litrato at pinost sa social media.


Paunti-unti nakilala ang maasin river maraming turista ang pumunta at umaakyat sa puno ng niyog at magpakuha ng litrato. Sa ngayon, ang Maasin River ay isa sa mga pinagkukunan ng pondo sa barangay dahil magbabayad ng entrance fee ang mga turista at lokal at pagrenta ng mga bangka, babayaran ang tourist guide para matuklasan nila ang kagandahan ng kalikasan ng buong Maasin River.

Sa katunayan, ang Barangay Maasin ngayon ay tumaas at nalaman sa survey bilang pangalawa sa pinakamalaki at progresibong barangay sa Bayan ng Pilar.

3.2 Siargao Island.

Ang Magpupungko, Surigao del Sur ay isang natural na kamangha-manghang bahagi ng dagat na parang **swimming pool**. Magandang puntahan ang lugar na ito kapag ang panahon ay nasa **low tide** at ang mga bato nito ay may iba't ibang pormasyon na nakakaagaw ng pansin at ang tubig ay malinaw na paranng krystal. Sa naratibo/salaysay, isinasaad na ang Magpupungko ay sikat dahil maaari kang gumawa ng maraming aktibidad tulad ng matinding pagsisid sa bangin, magpiknik, kumuha ng group pictures/selfies at magpahinga kasama ang mga kaibigan o pamilya at iba pa., nasa mga linya gaya ng naratibo/salaysay sa ibaba:

9. MAGPUPUNGKO



Adton tuig oktubre 31, 1953, taghimo an lungsod sa Pilar. An pilar ay isa ka baryo adton una na sakop ng lungsod sa Dapa, Surigao del Norte. Nahimo an lungsod nan pilar kay tungod sa balaod nan Executive Order No. 638 na tag-isyu nan ato Pangulong Elpedio S. Quirino. An mga pinakailado na mga tawo na nagpaligi sa paghimo nan lungsod nan pilar adton Agosto 15, 1953 sa kapistahan nan San Roque, tagpangunahan nila Jose Gonzales alkalde nan Dapa, Vicente Rocolcol sanan Alkalde Gaudencio Plaza nan General Luna, mga bisita.

An lungsod nan pilar kay mahikit-an sa Sidlakan nan parte nan Siargao Island. Taghibay-an na isa sa pinaka dako na isla sa Probinsya nan Surigao del norte. Makit-an sa Sidlakan parte nan Pacific Ocean 200 milya sa sikat na Philippine Deep.

An lungsod nan pilar jaon sa sidlakan parte nan Surigao del Norte na jaoy sukod na kalupaan na 9,985.70 ektarya, sanan mga tawo na 8,023 adton 2007 jaoy sab kinse sanan onse ka mga barangay nan pilar an Caridad, Datu, Jaboy, Maasin, Mabini, San Roque, Dayaohay, Consolacion, Katipunan, Punta, Centro, Pilaring.

Ang mga produkto sa Pilar kay mahamok sama sa mga kopras, mga duma, gulay, mga prutas sanan Aqua marine jaon parihas mga alimango, uyang, bangus (Milkfish). Kahamkan na mga tawo nagsalig sa ila mga produkto na amoy adlaw-adlaw nila na panginabuhian. Tungod sa bag-o na nuabot na teknolohiya, an mga taga Pilar kay jaoy na bag-o na panginabuhian pagtag-ija sa rihistrado na pagtukod nan mga sari-sari store, paggamit nan motor pampasaheroan o habal-habal sanan pamasaheroan na mga multicab, pagpamanday sanan panag-ija na pagtinda nan mga hardware.

An Magpupungko rock pool kay isa sa natural na rock pool mga tidal pool, na makit-an kon mubaba an tubig o muhunas na amoy pagbuthan sab kon motaob o magbayod. An tourist spot nan magpupungko kay sikat kay hamok mga aktibidad an mahimo sama sa paglangoy sa kilid nan mga rock pool, pagpiknik, magpiture o magrroup selfies, maghigdaay, magduwa-duwa kaiban an mga higaya. An magpupungko kay gikan sa "Visayan" na sulti na "Pungko" na tagtawag na nuingkod. Jaoy dako na bato na palingin at itsura na nag-ingkod sa isa ka bato na lapad. An mga turista kay hilig magpahuway sa tayom nan bato sanan magpicture sa ilayom o kilid sa bato. Sikat sa magpupungko jaon grabi kalinaw na rock pool puyde mag swimming, sun-bathing sanan iban na aktibidad.

Sa pagkakuman an Pilar kay isa sa asensado na lungsod sa Siargao, Surigao del Norte

SALIN:

Noong Oktubre 31, 1953 nilikha ang municipalidad ng Pilar. Ang pilar ay isang barrio noon ng munisipalidad ng Dapa, Surigao del Norte. Nalikha bilang Lungsod ang Pilar dahil sa Executive Order No. 638 na inisyu ng pangulong Elpedio S. Quirino. Ang mga prominenteng tao na siyang nanguna paglikha ng lungsod ng Pilar noong Agosto 15, 1953 sa kapistahan ng San Roque, pinangunahan nina Jose Gonzales Alkalde ng Dapa, Vicente Rocolcol at Alkalde Gaudencio Plaza ng General Luna, mga panauhin.

Ang Lungsod ng Pilar ay matatagpuan sa Silangang bahagi ng Siargao Island. Tinutring na malaking Isla sa Probinsya ng Surigao del Norte, makikita sa Silangang bahagi ng Pacific ocean na nasa dalawang- daan milya sa pamusong Philippine Deep.

Ang Lungsod ng Pilar ay matatagpuan sa Silangang bahagi .Ito ay may kabuuang sukat ng lupain na 9,985.70 ektarya, may populasyon 8,023(as of 2007), at may labin-limang,at labin-isa na mga barangay ay ang Caridad, Datu,Jaboy, Maasin, Mabini. San Roque, Dayaohay, Consolacion, Katipunan, Punta, Centro, Piling.


Ang lungsod ay kilala sa kasaganaan ng mga produkto mula sa kopra, rootcrops, gulay, prutas at aqua marine products tulad ng alimango, hipon at bangus fish cultured. Karamihan sa mga tao ay umaasa sa produksyon ng kopra para sa kanilang pamumuhay. Gayunpaman, sa pagkakaroon ng bagong teknolohiya, ang mga taga lungsod ng pilar ay tumitingin sa iba pang pinagmumulan ng pang-ekonomiyang tulad ng pagmamay-ari ng mga rehistradong sari-sari store, pagpapatakbo ng mga motorsiklo (habal-habal) at maging ng mga multicab, ang iba ay nagtatrabaho bilang mga karpintero at pagkakaroon ng negosyong kasangkapan.Lumipas ang mga taon, umunlad ang Lungsod ng Pilar dahil sa sikat nitong panturismo at dito makikita ang tanyag na Magpupungko Beach.

Ang magpupungko rock pool ay isang likas na rock pool na matatagpuan sa Siargao Island. Ang Magpupungko rock pool ay mga tidal pool, na nangagahulugang nalandad ito sa panahon ng pagbulusok ng tubig at lumubog ito sa pagtaas ng tubig.Ang tourist spot na ito ay sikat dahil maaari kang gumawa ng maraming aktibidad tulad ng matinding pagsisid sa bangin, magpiknik, kumuha ng group pictures/selfies at magpahinga kasama ang mga kaibigan o pamilya at iba pa. Ang salitang magpupungko ay nagmula sa salitang visayan na “pungko” na nangangahulugang umupo. Mayroong isang malaki, pabilog na baton a nakaupo sa tuktok ng isang patag na bato tulad ng isang globo sa isang stand. Ang mga tao ay maaring magpahinga at kumuha ng larawan sa ilalim ng lilim nito. Sa harap ng mga dakilang likas na formasyong ito ay ang karagatan, kung saan makikita ang mga malalaking alon. Tanyag dito kapag low tides ang napakalinaw na pool o natural pool, na kung saan perpekto ito sa mahilig sa snorkeling, swimming, sun-bathing at iba mga aktibidad. Nakilala din ang magpupungko di lamang dito sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Sa katunayan, ang Lungsod ng Pilar ngayon ay isa progresibong lungsod sa Siargao, Surigao del Norte.

3.3 Siargao Island.

Isa sa talaan ng mga pook panturismo ng Surigao del Sur ang Sohoton Cove ayon sa pag-aaral ni Jayacynth05 ang pangalan ng lugar ay nagmula sa wikang Cebuano “so-oton” na nangangahulugang “dumaansa isang maliit na pagbubukas.” Upang makapasoksa **Sohoton Cove** National Park, kailangang dumaansa isang pagbubukas lamang — isang malawak nakuweba ng lagusan na may napakababang kisame. Ang **cavern** na ito - ang **Sohoton Cove**-maaakses lamang kapag mababa ang pagtaas ng tubig. Iyon ang dahilan kung bakit namin unang binisita ang ibapang mga atraksyon sa Sohoton Bay; hinintay namin ang pag-agos ng tubig. Sa naratibo/salaysay, isinasaad na ang Sohoton Cove ay makulay ang kasaysayan at mayaman sa kultura; ilan lamang ito sa mga nakakabighani ng mga dayuhan sa bayan ng Socorro. Malakas din ang Turismo sa lugar at naging isa sa mga pinagkikitaan ng mga tagarito, gaya ng bahaging nasa naratibo/salaysay sa ibaba:

10. ANG NAKATAGONG PARAISO SA BAYAN NG SOCORRO: SOHOTON COVE



Niadtong tuig 1920, nay isa ka grupo ng mga langyaw nga misyonaryo nga naglayag duol sa isla ng Siargao hangtod nakit-an nila ang isa ka sitio. Gusto unta nilang modunggo sa baybay aron magmisa pero dili sila makahimo kay grabe kadagko sa bayod. Sa ila kahadlok nga malunod sila, naninggit sila ng “Socorro!” nga ang pasabot “Tabang!” sa way paglangan, gitabangan sila sa mga namujo didto nga sitio. Sakay sa ilang mga baroto na gagmay, naluwas nila ang grupo apil ang isa ka pari. Tungod sa ilang gibuhay, gipangayanan ng pari ang lugar ug Socorro agig paghinumdom sa pagkamatina ng mga taga didto. Sugod adto, ang gamay nga sitio nahimong baryo hangtod nahimong asensadong lungsod.

Niadtong petsa 22 ng Pebrero 1961, tungod sa paningkamot sa mga punuan sa katilingban ug uban sab sa tabang ni kanhi Bise-Mayor ng Dapa nga si Sotico M. Dizon, naproklamar nga lungsod ang Socorro sabay sa pagpirma sa Executive Order No. 419 ni kanhi Presidente Diosdado Macapagal. Kada tuig, ginaselebrar ng lungsod ang Tinabangay Festival agig pagdumdom sa mabulukong kasaysayan ug pagpakita sa kulturang Bayanihan nga nahimong kostumbre ng mga namujo sa maong lungsod. Mabulukong kasaysayan ug dato sa kultura; pipila lamang ni sa mga nakapadani sa mga turista nga mobisita sa lungsod. Kusog sab ang Turismo sa lugar ug nahimo ni nga isa sa mga panginabuhian sa mga taga didto.

Makita ang lungsod ng Socorro sa sidlakang bahin ng kadak-ang lupa ng Surigao del Norte. Naa ni kalaparon sa lupa nga 12, 445 ka hektarya ug sa pagkakaran, naay kapin baynte mil (25, 000) nga mga residente ug kapin trese mil (13, 000) kanila mgabotante.

Ang pinaka-ilado nga suruyan sa lungsod mao ang Sohoton Cove National Park. Makita ni sa suyod ng Inayaran sa amihanang sidlakang bahin ng Bucas Grande. Gitawag ni nga “sekreto ng Paraiso” kay naa ni sa suyod ng mga gagmayg puyo ug isa ra ang agihanan ani pagsuyod ug pag-gawas, ang langob nga medyo nakalubog sa dagat.

Huyaton asa nga mohunas ang dagat adesir makasuyod sa langob ug malingaw sa mga magana nga talanawon sa kinaiyahan. Hilom, hinlo ug dato sa biodiversity nga ginapasigarbo ng mga taga didto. Jaoy sab silay laing mga aktibidades nga gi-andam para sa mga turista samtang jaon sila sa suyod. Jaoy sab Hagukan Cave nga daw mo-amag kung imong kasawon ang tubig sa suyod sa langob, ug ang Magkuku-ob Cave nga pag-abot sa tumoy sa gikat-katan, naay ambakanan. Sikat sab sa mga turista, lokal ug langyaw, ang santuwaryo sa mga stingless jellyfish o hugab-hugab.

SALIN:

Noong taong 1920, mayroong isang pangkat ng mga dayuhang misyonaryo ang naglayag malapit sa isla ng Siargao hanggang sa matagpuan nila ang isang munting sitio. Nails nilang dumaong upang magsagawa ng misa ngunit malalakas ang mga alon sa dalampasigan. Dahil sa takot na lumubog ang bangka ay sumigaw sila ng “Socorro” na ang ibig sabihin ay “Tulong!” Walang pag-aatubiling tinulungan sila ng mga naninirahan sa sitio. Sakay ng kanilang mga maliliit na bangkang pangisda, nailigtas ang mga misyonaryong dayuhan kasama ang isang pari mula sa tiyak na kapahamakan. Dahil sa ginawang kabayanihan ng mga taga-roon, pinangalanan ng pari ang lugar na Socorro bilang pag-alala sa pagiging matulungin ng mga taong naninirahan doon. Simula noon, ang munting sitio ay naging baryo hanggang naging isang maunlad na lungsod.

Noon ika-22 ng Pebrero, 1961, dahil sa pagsusumikap ng mga pinuno ng sibiko at sa tulong ng dating Bise-Mayor ng lungsod ng Dapa na si Sotico M. Dizon, naiproklama bilang isang ganap na lungsod o bayan ang Socorro kasabay ng pagladga sa Executive Order No. 419 ng dating Pangulong Diosdado Macapagal. Taun-taon ay ipinagdiriwang ng lungsod ang Tinabangay Festival bilang paggunita sa makulay na kasaysayan at pagpapakita ng kulturang Bayanihan na siyang sumisimbolo sa kaugalian ng mga mamamayan ng lungsod.

Makulay ang kasaysayan at mayaman sa kultura; ilan lamang ito sa mga nakakabighani ng mga dayuhan sa bayan ng Socorro. Malakas din ang Turismo sa lugar at naging isa sa mga pinagkikitaan ng mga tagarito.

Ang bayan ng Socorro ay matatagpuan sa malayong silangang bahagi ng mainland Surigao del Norte. Marron itong kabuuang lupang lawak na 12, 445 ektarya at kasalukuyang may bilang na digit sa 20, 000 naninirahan at populasyon ng maaring bumoto na higit sa 13, 000.

Ang pinakatanyag na pook panturismo sa naturang bayan ay ang Sohoton Cove National Park. Matatagpuan ito sa loob ng Inayaran Inlet sa hilagang silangang bahagi ng Bucas Grande. Tinagurian itong “sekretoong paraiso” o “nakatagong paraiso” dahil nasa loob ito ng mga maliliit na pulo at ang tanging lagusan ay isang kuweba na bahagyang nakalubog sa dagat. Kailangang hintayin na bumaba ang tubig bago makapasok sa nasabing kuweba at humandang mamangha sa ipapamalas ng kalikasan, tahimik, malinis at mayaman sa *biodiversity* na siyang ipinagmamalaki ng mga naninirahan doon. Mayroon ding nakahandang mga gagawin para mga turista habang nasa loob ng Sohoton Cove: ang Hagukan cave o naghihilik na kweba Kung saan ang tubig sa loob ay tila nagliliwanag o nag-i-illuminate at ang Magkukuob Cave Kung saan pagdating sa dulo ng pag-akyat ay isang *diving area*. Tampok din sa mga turistang local at dayuhan ang santuwaryo ng mga *stingless jellyfish* o dikya.